# *AMA, DUMATING NA ANG ORAS*

Salamat, Kapatid na Joseph. Salamat. Maaari po ba tayong manalangin?

2 Aming Ama, pinasasalamatan Ka namin, ngayong araw na ito, dahil sa Panginoong Jesus, dahil sa Kanyang biyaya na iniukol sa amin, na gayong kami'y mga makasalanan pa dati, si Cristo ay namatay upang ariin kaming ganap sa halip na kami, na mga makasalanan, at ipinanumbalik kami sa pakikisama sa Ama, sa pamamagitan ng pakikipagkasundo sa pamamagitan ng Kanyang Sariling Dugo sa Kalbaryo, kung saan ibinigay Niya ito nang walang bayad para sa aming lahat. At, ngayon, amin nang tinatamasa ang mga pribilehiyong ito, dahil Siya ay malugod na pumapayag.

3 At ngayon, Ama, nawa kami rin po ay may pagkalugod na humayo at ibahagi ang dakilang pagpapala na ito sa ibang tao. Iyo pong tulungan kami na mas makilala Ka pa nang lubusan sa pamamagitan ng pagtitipon na ito sa hapon na ito, sapagkat hinihiling po namin ito, sa Pangalan ni Cristo. Amen.

Makakaupo na.

4 Natutuwa ako na makita, ngayong araw na ito, ang ating punong-abala na pastor (si Kapatid na James Jones) mula sa Indianapolis, na nariyan sa likod. Lubos nga akong natutuwa, at nariyan ang kapatid mula Spindale, din; si Kapatid na Winston Hare mula California. Sa palagay ko sa pagtingin ko, nakita ko si Kapatid na Sothmann dito na nito lang ay galing—galing Canada, kung saan nagkaroon po kami ng dakilang pagtitipon sa dakong 'yun. At sa marami pang mga kaibigan na nakaupo sa palibot. Tunay na ito'y pribilehiyo, sa araw na ito, na makapangusap sa kalugud-lugod na grupo na ito ng mga tao, na umaasa ako na makakasama ko sa Walang Hanggan, doon sa Kaluwalhatian. At magkaroon ng pribilehiyo ngayong araw na ito na makatayo rito para makapangusap sa inyo at makasama kayo sa pagtitipon sa Salita ng Diyos. At tunay na isang pribilehiyo po ang gawin ito.

5 Ngayon, kagabi nagkaroon tayo ng dakilang panahon sa Panginoon, haya't ibinuhos nang husto ng Espiritu Santo ang mga pagpapala Niya sa atin kagabi sa pambihirang paraan. At ngayong gabi magkakaroon po tayo ng makalumang pila para sa pananalangin na dati nating ginagawa mga ilang taon na ang nagdaan. Dahil tayo po muna'y. . . Heto, mangungusap ako sa inyo nang kaunti sa hapon na ito, makikipagbuklod sa inyo sa Salita, at pagkatapos, mangungusap uli mamayang gabi. At kung minsan ang pamamaraan ng—ng pahid ng Espiritu Santo sa mga Makalangit na pangitain na 'yun ay hindi dumarating

sa pamamaraan nito kung medyo balisa ka. Di pala. . .Hindi po pala balisa, ang ibig ko pong sabihin ay sobra-sobra ang pagkapanabik mo o parang ganun, hindi po umiiral nang tama sa ganoong paraan. Kaya si Kapatid na Joseph, binanggit ko sa kanya na gusto kong magkaroon ng ganoon ng isang gabi bago umalis. At siya po'y magiliw na ibinigay 'yun sa atin at gawin 'yun sa paraan na 'yun.

6 At ngayon, umaasa po ako na ang Diyos ay magpapagaling ng maraming mga maysakit at nagdadalamhati. Hihilingin ko sa mga kalalakihan na—na sige't ipamahagi nila ang mga prayer card ano't anuman, maraming bilang po ito ngayong gabi, para makapanatili tayo ng kaayusan sa pila para sa pananalangin na ang mga maysakit ay makakapila. Kaya kung mayroon po kayong mahal sa buhay na nangangailangan ng panalangin, at nananampalataya kayo na "sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay" ito'y kapangyarihan ng Diyos na magpagaling para sa mga maysakit ngayon, kaya, dalhin n'yo lang sila mamayang gabi, dahil inaasahan na namin na marami ang papipilahin.

7 At ngayon, napakaikli po ng oras para makapangusap, at heto. . .na napakarami ang dapat ipangusap. Mangyari nga na sa tuwing nangungusap tayo patungkol sa Panginoong Jesus, grabeng dami na kailangan nating maipangusap, kung papaano nga na ang bawat Salita ay lubos na kinasihan. At hihilingin ko kay Pastor Joseph kung maaari siyang bumuklat at basahin ang isang teksto para sa akin, o—o, pagbabasa ng Kasulatan, dahil ako po'y. . .may dumating lang sa diwa ko ngayon, at ang nakabuklat po sa akin dito'y ang Bagong Tipan, kaya nais kong siya ang magbasa nitong. . .bilang pambungad na tagpo, mula sa Lumang Tipan, Ikalawang Mga Cronica 18:22-27. Hinihiling ko sa kanya na basahin niya ito para sa atin, at puwede po kayong sumabay nang basa sa kanya, kung gusto n'yo, bilang pambungad para sa aking teksto sa hapon na ito. [Sinasabi ni Kapatid na Joseph Boze, "Ikalawang Mga Cronica?"—Pat.] 18:22 hanggang—hanggang 27. At idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang pagpapala ngayon sa pagbasa sa Kanyang Salita.

8 Habang siya'y. . .kayo'y bumubuklat, tatanungin ko lang ang kapatid dito mula California, nabalitaan n'yo na po ba 'yung tungkol sa pagtitipon kung saan kami pupunta, kung anong petsa kami pupunta sa siyudad n'yo, sa Oakland at sa iba pang dako dun? Inaasikaso 'yun ng kapatid mga ilang araw ang nakararaan, at ako. . .[Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "Hindi pa ako nakakatanggap ng pasabi."—Pat.] Sige, po. ["Marahil nakalingat lang ako sa biyahe ko rito."] Buweno, salamat, kapatid. Sige, ayos lang. Salamat. Iniisip ko lang, na sa. . .Sa tingin ko bibiyahe kami pasilangan pagkatapos sa Idaho sa Nobyembre at Disyembre, at pupunta roon ng Enero o Pebrero, sa palagay ko baka, huling sanlinggo ng Enero, unang araw ng Pebrero, o alinman, 'yung kabilang bahagi nun ay dito

na sa silangan. O maaaring, ibibigay nila marahil sa Kanlurang Baybayin at saka pupunta sa silangan. Pero umaasa ako na makita ko kayo roon, kapatid, para makapakinig kayo ng ilang kahanga-hangang pagtuturo. Sige, Kapatid na Joseph. Uh, sa ika-22 hanggang 27.

9 [Binabasa ni Kapatid na Boze ang Ikalawang Mga Cronica 18:22-27—Pat.]

> [*Ngayon nga, narito, inilagay ng* PANGINOON *ang magdarayang espiritu sa bibig ng iyong mga propetang ito, ang* PANGINOON *ay nagsalita ng kasamaan tungkol sa iyo*.]
>
> [*Nang magkagayo'y lumapit si Zedekias na anak ni Chenaana, at sinampal si Micaya, at nagsabi, Saan nagdaan ang Espiritu ng* PANGINOON *na mula sa akin upang magsalita sa iyo?*]
>
> [*At sinabi ni Micaya, Narito, iyong makikita sa araw na yaon pagka ikaw ay papasok sa pinakaloob na silid upang magkubli.*]
>
> [*At sinabi ng hari sa Israel, Dalhin ninyo si Micaya, at ibalik ninyo siya kay Amon na tagapamahala ng bayan, at kay Joas na anak ng hari;*]
>
> [*At sabihin ninyo, Ganito ang sabi ng hari, Ilagay ang taong ito sa bilangguan, at pakanin siya ng tinapay ng kadalamhatian at ng tubig ng kadalamhatian hanggang sa ako'y bumalik na payapa.*]
>
> [*At sinabi ni Micaya, Kung ikaw ay bumalik sa anomang paraan na payapa, ang* PANGINOON *ay hindi nagsalita sa pamamagitan ko. At kaniyang sinabi, Dinggin ninyo, ninyong mga bayan.*]

10 Ngayon, sa—sa ika-17 kabanata ng San Juan, babasahin ko po ito bilang teksto:

> *Ang mga bagay na ito ay sinalita ni Jesus, at sa pagtingala ng kaniyang mga mata sa langit, ay sinabi niya, Ama, dumating* na *ang oras;*. . .

At nawa'y idagdag Niya ang Kanyang mga pagpapala sa Kanyang Salita.

11 Ngayon, iniisip ko na gamitin itong simulain, ang binasa sa Salita na. . .mula sa Lumang Tipan, bilang simulain para sa teksto na ito sa Bagong Tipan, at nananalangin ako na ibibigay sa atin ng Diyos ang konteksto habang naghihintay tayo sa Kanya.

12 Itong panahon na ito noon sa Lumang Tipan ay sadya pong Isang—isang. . .lubhang maligalig na panahon. Ngayon, si Josaphat ang hari ng Judah noong panahon na ito, habang si Ahab naman ang hari ng Israel noong panahon na ito; sila

nga'y hati. At sa panahon kung saan, tayo'y hati, kaguluhan ang bantad nito sa atin. Kailangan kasi nagkakaisa tayo, at sa ganito ay makatitindig tayo.

13 At, hayan nga na si Josaphat ay isang—isang matuwid na lalaki, isang mainam na lalaki. Maganda ang pagpapalaki sa kanya at marami siyang naging mga halimbawa, gaya ng mayroon tayo ngayon. Nakita niya ang tatay niya, na si Asa, kung paano noon na si Asa'y naglingkod sa Panginoon, tapos mangyari nga na ang Diyos ay kasama ng tatay niya; pero noong mabigo si Asa na maglingkod sa Panginoon at naging matigas ang ulo, ang Diyos nga'y lumisan mula sa kanya.

14 Kahit na gaano pang iniibig tayo ng Panginoon, at gaano pang iniibig n'yo ang Panginoon, kapag lumayo kayo mula sa paglilingkod at pagsamba sa Panginoon, heto nga't tandaan n'yo, babantad sa inyo ang kaguluhan. Mangyari kasing sinabi ng Diyos kay David isang beses, "Ikaw ay lalaking ayon sa Aking Sariling puso." At nung si David ay nakagawa ng mali, kinailangan ngang anihin ni David ang hinasik niya. At kaya tayo. . .Hindi nga Niya sinabi na tayo'y ayon sa Sarili Niyang puso, kaya gaano pa na siguradong aanihin natin ang hinasik natin.

15 Mangyari nga na nung panahon na ito, nagkaroon ng sakit si Asa sa kanyang mga paa, at ikinamatay niya ito, dahil hindi siya humiling sa Panginoon ng Makalangit na kagalingan; siya nga'y sa mga doktor lang sumangguni. Hindi siya humiling sa Panginoon; napakatigas ng ulo niya. At natangay siya sa isang kalagayan na unti-unti na siyang nakikinig sa kung anu-anong modernong mga pananaw at di na sumampalataya, marahil, o di na nanampalataya na ang Panginoon ay nakakapagpagaling, kaya hindi na siya kumonsulta sa Panginoon tungkol sa kung anupamang bagay. Sa isip-isip niya, "Buweno, hindi nga ako matulungan ng mga doktor ko; di na kailangang sumangguni pa sa iba." Kaya ang sabi ng Biblia siya'y natulog. Dinala siya sa libingan ng kanyang ama. . .kanyang mga ninuno, at doon ay inihimlay.

16 At ngayon, si Josaphat na kanyang anak, ang umangat para humalili sa puwesto, haya't siya'y may magandang kinalakihan kung titingnan, na makikitang kung ang isang tao'y lalakad para sa Diyos at lalakad kasama ang Diyos, ang Diyos ay lalakad kasama ang tao na ito. Pero kapag ang siya ring indibiduwal ay tatalikod sa Diyos, kung ganoon ay hinahayaan ng Diyos na mapadpad ang tao na ito sa sarili nito. At nalaman natin na isa—isa ngang nakakalungkot na bagay kapag tayo'y mapapadpad sa sarili natin.

17 Kailanman ay di ako nangangahas na magtiwala sa sarili kong karunungan, dahil wala naman ako nun. Nagagalak nga ako na wala akong karunungan. Kasi kung mayroon ako nun,

baka nangahas na akong dumepende dun. Pero mas minabuti ng Diyos na di ako magkaroon nun, para ako'y magtiwala lamang sa Kanya. At naniniwala ako na mainam kung lahat tayo'y 'yun mismo ang sisikaping gawin, sa tingin n'yo po ba? Sadya ngang huwag manangan sa sarili nating mga ideya tungkol sa bagay-bagay, bagkus sumandig nang taimtim sa GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Huwag na huwag n'yong subukan na pangatwiranan ito, dahil di n'yo magagawa na pangatwiranan ito. Kung mapapangatwiranan n'yo ito at makikita n'yo kung ano ba ang kalalabasan nito, hindi na 'yun magiging gawa ng pananampalataya.

18 Ang pananampalataya kasi'y hindi sa nakikita n'yo; ito'y bagay na sinasampalatayanan n'yo, na hindi n'yo. . . hindi n'yo ito nakikita, pero may Bagay sa kaibuturan n'yo, na nakikita ito. At ang Diyos 'yun na nasa loob, na nakikita ang Kanyang Sariling Salita na nahahayag. Pero di n'yo ito puwedeng pangatwiranan. Ako lamang ay. . . Wala ngang paraan para mapangatwiranan n'yo. Hindi mapapangatwiranan ang Diyos kailanman, dahil Siya'y lampas sa pangangatwiran; Siya ay Diyos. At tinatanggap lamang natin ang sinabi Niya tungkol dito at 'yun ay tatawaging katotohanan.

19 Ngayon, sa kombensyon na ito ngayong araw, at habang idinadaos ito, at tinatamasa ang dakilang bukluran na ito, medyo naisip ko, na marahil, magbigay lang ako ng kaunting pananalita tungkol sa kung papaano ito maihayag sa mga tao; dahil nalalaman ko na marami sa inyo rito ang malayong mas una sa akin pagdating sa—sa pagtuturo ng Kasulatan. At alam ko—alam ko na siguradong, may kalalakihan dito na, naku, nanliliit ako kapag tatayo ako sa tabi nila. Pero yamang—yamang tayo'y may pagkakaugnay sa isa't isa, gusto kong ibigay ang pananaw ko sa kung ano ito, at—at ito'y babala ko na rin sa mga tao na tumatangging lumakad sa lakarin ng Diyos na Kanyang itinalaga para sa atin na lakaran.

20 Ngayon, noong panahon na ito si Ahab ang hari ng Israel, at siya ay sadyang di-nababahala. May mga tao tayo na gaya n'yan ngayon, na masasabi ko na mga mananampalataya na hanggang hangganan lang. Isang taong napapadpad sa kung saan umihip ang—ang hangin. Sa palagay ko tayo, ngayon, ang tawag natin diyan ay "Palipat-lipat ng misyon." At kung saan umihip ang hangin, animo'y may mga layag sila na sige't magpapapadpad sila. Ayaw ng Biblia na maging ganoon tayo. Ang gusto Niya'y matatag tayo, hindi natitinag, laging may sagana sa gawa, na ang mga layag nati'y nakadirekta tungo sa Kalbaryo. Kung ang ihip ng hangin ay kontra, may paraan nga para ipaling ang layag, o, ang barko, at ibubunsod ang hangin, na dumampi't dumaan lang sa inyong mukha, na susuungin n'yo mismo ang hangin; nasa pagsasaayos lang ng inyong layag. Ganoon nga.

21 At maipapaling natin ang ating inilaang bangka patungo

mismo sa Kalbaryo, at kahit na saan pa umihip ang hangin, tayo'y nakatingin pa rin sa Kalbaryo, pasalungat man, o kung saan man, tayo'y nananatiling nakatuon diretso sa Kalbaryo. Yan ang tunay na mananampalataya. At mangyari nga na di tayo nadadalang magkabi-kabila ng bawat hangin ng doktrina, at *ito* ma'y dumating, at *'yun* ma'y dumating, at *ito* ma'y mangyari; mayroon tayong nag-iisa't solidong tahak: na 'yun nga'y diretso sa Kalbaryo.

22 Iniisip ko na 'yan ang ibig sabihin ng Diyos noong Siya'y mangusap sa pamamagitan ni Jude, at. . . doon nga, haya't sabi, "Isang ulap na walang ulan, mga bituwing gala. . . " pagala-gala. Hindi 'yun—hindi 'yun tama; di dapat tayo ganoon. Ang dapat nga sa atin. . . Sa umpisa pa lang na ang isang Cristiano ay ipinanganak sa Kaharian ng Diyos, ang kanyang pagsinta, kanyang buhay, ang lahat-lahat ay nakatakda kay Cristo. Kung siya nga'y may kaunting pagkamatalino, kung di kayo mag-iingat, ibubuhos niya ang lahat ng 'yun sa edukasyon at siya'y mapapadpad patungo sa malamig, pormal, at mapagwalang-bahala't, lahat na, na kung anong teolohiya, o kung anong magarbong interpretasyon ng mga Griyegong salita.

23 May nakatagpo akong lalaki rito may katagalan na, at sabi niya, "Billy, may natutunan akong isang partikular na salitang Griyego. Pinag-aaralan ko 'yun nang limang taon na, sinisikap kong alamin ang tunay na kahulugan ng salitang Griyego na ito." Sabi, "Oh, nung masumpungan ko, sadya ngang isang pagpapala."

Sabi ko, "Limang taon mong inaral ang isang salitang Griyego?"

"Oo."

24 Sabi ko, "Sa limang taon na 'yan, sa biyaya ng Diyos, ako nga'y nakaakay na ng kalahating milyon na mga kaluluwa kay Cristo nang kahit walang nalalaman na Griyegong salita." Kaya, hindi nga ito sa nalalaman mo, kundi sa kung Sino ang nakikilala mo: Ang makilala Siya ay Buhay. At gumugugol tayo ng maraming panahon para sa ganyang bagay na kahangalan. Heto, hindi ko ibig sabihi'y kahangalan, kundi mangyari lang na wala 'yung mabuting naidudulot sa atin. Sige't sabihin na lang natin na alam mo 'yan, anong mabuting maibubunsod nun sa inyo? Wala. Kaya mas mabuti na lang na Siya ang kilala mo.

25 At pagkatapos kung siya'y naging, kung ang tao na ito na nakasentro kay Cristo, kung siya'y may pagkanerbiyos o pagka emosyon, kung hindi mag-iingat ang indibiduwal na ito, siya nga'y matatangay sa panig na *ito*, sa pagka-panatiko. Siya nga'y magiging regular. . . na saan man umihip ang hangin, dun siya napapadpad. Kung saan man may pagliliglig, aba, siya'y naliligalig.

26 Pero ayaw n'yo ng ganoon. Ang isa nga'y kasing taliwas nung isa pa. Mangyari nga na ang nais nati'y maisentro, kay Cristo at doon lamang. Tumuon kayo sa Cordero ng Diyos. Tumuon at mabuhay.

27 Ngayon, at mangyaring nakita mismo ni Josaphat, na nung ang tatay niya'y nakatuon sa Diyos, pinagpala siya ng Diyos. At nakita niya na si Ahab ay tumalikod sa Diyos, dahil ayaw ng asawa nito na magpunta siya sa simbahan ng Miyerkules ng gabi, at kung ano pa, alam n'yo. Hayan nga na ang tingin nila sa kanya'y sala sa init sala sa lamig, paiba-iba ng isip, walang layon.

28 Alam n'yo, naniniwala ako na kung hindi lang ako sumasampalataya sa Diyos, tunay na mariin ang pagtutol ko sa Kanya. At naniniwala ako na kung ihahayag ko ang sarili ko, at sa puso ko ay laban ako sa Kanya at di nananampalataya sa Kanya, kung ipagtitigasan ko na laban ako sa Kanya, siguro'y mas rerespetuhin Niya ako, kaysa sa masumpungan Niya ako na paiba-iba ang isip, madaling matangay. Siyanga.

29 Naniniwala ako na maging sa pamumuhay ng tao. . . Kunin n'yong halimbawa ang isang babae, isang kabataang babae. . . Ngayon, halimbawa'y nasa eskuwelahan tayo, sa isang klase. Heto ang isang kabataang babae, siguro'y di siya kagandahan, pero kung siya'y tunay na binibini, at naninindigan siya sa posisyon niya bilang isang binibini, alam n'yo mas rerespetuhin siya kaysa sa isang magandang babae na hindi naninindigan sa posisyon nito. Kita n'yo? Tama 'yun. Dahil ito'y. . . Sinumang lalaki na may katiting na pagkalalaki sa kanya'y, rerespetuhin ang pagiging totoo at ang katapatan na 'yun.

30 At mangyari nga, na kung tayo'y naging Cristiano, haya't ilagay natin ang lahat nating katapatan, at respeto, at dangal sa Panginoong Jesus Cristo. At mangyari, na kung hindi tayo ganoon, at di tayo sumasampalataya, dapat huwag tayong paiba-iba ang isip sa bagay na 'yun, ipaalam n'yo mismo sa mundo kung saan ba kayo nakatindig; 'yun ang pinaka mainam na gawi. At magiging dakilang araw nga kapag ang iglesya'y dadating sa kalagayan na 'yun, o ang mga miyembro po nito, pala. Na alin ba talaga. . . Ito kasi'y maaari lamang na kay Cristo ka o laban ka kay Cristo. Kung ganoon ay malalaman mismo ng mundo kung paano ang paninindigan mo.

31 Ayaw ko nung may magtatapik-tapik sa balikat ko at magsasabi, "Ngayon, Kapatid na Branham, mahal na mahal kita." Samantalang alam niya na alam ko na kabaligtaran (Kita n'yo?), alam niya—alam niya na alam kong kabaligtaran naman. Dahil 'yung espiritu niya'y di tumutugma, at talagang wala 'yun—wala 'yun dun. At kaya, ako—ako, mangyari nga, na mawawala ang respeto ko sa tao na 'yun.

32 Ang gusto ko—ang gusto kong makita na tao'y kung siya'y makakapagsabi, "Ngayon, tingnan mo, di ako—di ako sang-ayon sa iyo, sa bagay na 'yan. Ako. . . " Buweno, hayan nga na totoo lang siya tungkol dun. Pero si Ahab ay di ganoong uri ng tao; sa isang banda may pagnanais siya na—na maglingkod sa Panginoon isang beses, tapos ang asawa naman niya'y iba ang gustong gawin; tapos babaling siya dun, at pinapatay ang mga propeta, at kung ano pa, isa nga siya dun sa paiba-iba ang isip, taas-baba ang desisyon, bigay-bawi ang pasya; at ang Diyos ay di kailanman gagawa sa isang taong tulad nun. Hinding-hindi Siya sa araw na 'yun, o anupamang araw, na gagamitin Niya ang isang taong tulad nun.

33 Mangyaring napansin natin: Heto si Josaphat na nakita na niya noon ang resulta ng ganyang klaseng pamumuhay; nakita na niya ang resulta mula sa kanyang tatay noong ang tatay niya'y naglilingkod sa Panginoon, tapos maging ang resulta noong ang tatay niya'y hindi na naglilingkod sa Panginoon. Kaya sa pagkakita ng lahat ng 'yan, at pagsasaalang-alang, nilayon ni Josaphat sa kanyang puso na paglingkuran ang Panginoon at kumapit sa mga bagay na ang kanyang ama, na si David, ay ginawa sa pasimula. Gustung-gusto ko 'yun: "Sa pasimula. . . " sabi ng Biblia.

34 Sa madaling salita, nanumbalik siya sa dating palatandaan at pagkatapos ay nilinis ang mga hanay. Napaka inam kung ang Pentecostal ay manunumbalik sa dating palatandaan. Napaka inam kung lahat tayo'y makakapanumbalik sa dating palatandaan at lilinisin natin ang mga hanay. Ano kayang mangyayari ngayon kung ang. . .Ipinapangusap ko nga ito, dahil iniisip ko, na karamihan sa mga nakaupo sa hapon na ito ay mga Pentecostal. Ano kayang mangyayari kung, aktuwal, na ang iglesya'y manunumbalik sa dating palatandaan? Marahil napag-uusapan na rin ang tungkol sa paglilinis, tunay na magkakaroon n'yan sa iglesyang Pentecostal; tunay nga. Ngayon, ilan ang nakakaalam na 'yan ang katotohanan? Aba, tunay nga, oo. Tunay na magkakaroon. . .tunay, isang—isang pagrereporma na magaganap. Oh, ang mga tao nga'y magiging iba ang pagkilos, magiging iba ang pananamit, magiging iba ang paraan ng pagsasalita, at tunay na—tunay na magiging ibang-iba nang iglesya mismo, kung tayo'y makakapanumbalik sa dating palatandaan kung saan tayo nagsimula.

35 Ngayon, mangyari nga na pinagpala siya ng Diyos. Pinagpapala nga ng Diyos ang sinuman na manunumbalik sa dating palatandaan ng Biblia at magpapasimula sa Biblia, na hindi sasandig sa teolohiya, kundi mula mismo, o, kung anong gawang-tao na teolohiya, bagkus ay mula sa tunay na teolohiya ng Biblia, at magpapasimula sa dating palatandaan at uusad, haya't ang Diyos ay uusad kasama n'yo.

36 Kaya sinimulang pagpalain ng Diyos si Josaphat, at

ang unang bagay nga na malalaman n'yo, sinimulan siyang pasaganahin ng Diyos. At nagtayo siya ng lahat nitong mga kampamento, nang sa gayon ang mga di-tuli't ang. . . ay di sila makapasok. At 'yan ang kailangan ng kaiglesyahan ngayon, isang kampamento ng makalumang apostolikong pagtuturo, nang sa gayon ang mga sala sa init sala sa lamig, na pormal, na bigay-bawi ang desisyon, taas-baba ang pasya'y, hindi sila makapasok sa ating iglesya.

37 Ano po itong sinasabi ko? Pero tama, naman. Tama po. Napabayaan natin ang napakaraming bagay na unti-unting makapasok, mga kapatid, napakaraming bagay, na inabandona natin ang dating palatandaan mula sa simula, at ang mga bagay na 'yun ang pinapasok; hindi natin naprotektahan ang iglesya. At kaya ngayon lahat ay nakapasok na. Ganoon nga. Lahat nitong "ismo" at "hismo" at—at lahat na sari-sari sa loob ng iglesya, dahil di tayo nagkampamento sa pamamagitan ng Salita.

38 Kausap ko ngayong araw nung tanghalian si Kapatid na duPlessis at Kapatid na Joseph, at binabanggit ko 'yung tungkol dun sa pagmimisyon sa ibang bansa at rebaybal na pambuong mundo, 'yung, pambuong mundong pagmimisyon na paghayo na inihahanda kong gawin sa palibot ng mundo, sa bawat siyudad nang ilang gabi, sa bawat pangunahing siyudad ng mundo. Tapos naisip ko na kailangan silang balikan haya't sabi ko, "Magiging tulad 'yun sa. . . "

Sabi nila, "Kung hindi mo sila babalikan para matingnan uli, naku't magiging balewala na lang 'yung ipinunta mo—ipinunta mo."

39 Katulad nga na may—may bala akong nakalagay sa aking kamay. Sasabihin ko sa inyo na bantog na bala 'yun, kung gaano ang bilis ng bala na 'yun na tatagos sa isang partikular na distansya, at kung ano ang—ang—ang bilis ng bitiw ng dulo ng baril, na ang bilis nun ay limang libong talampakan kada segundo, sa isang lumang baril na marahil ang bilis ay, oh, sanlibong talampakan kada segundo. Ngayon, tama naman ang bala, kung maikakarga ko 'yun. . . 'yung—'yung bala sa inyong kamay, pero ano ngang magiging silbi nun? Wala ka namang baril na magagamit para dun.

40 Kaya, hayan nga. Kailangan binabalik-balikan natin para matingnan; kailangan mayroon tayong kampamento; kailangan may iglesya tayo na nasa tamang kaayusan, nagmamartsa, bilang isang malaking hukbo na umuusad. Naaaksaya lang natin ang oras hanggang sa anupa't ang iglesya'y makarating sa ganyang uri ng kalagayan. May masusumpungan tayo na kaunti *rito*, totoo naman 'yan; pero hindi nga 'yung lahat tayo'y isang malaki't hindi hati-hating grupo ng mga tao, isang malaki't nagkakaisa na hukbo.

41 Ang kalaban. . .Sa isang hukbo kung may bahagi sa kanila na. . .kung babarilin ng mga taga-Kentucky ang mga Hoosier, at babarilin ng mga Hoosier ang mga taga-Kentucky, babarilin ng mga taga-Illinois ang mga taga-Missouri, sa isang labanan, aba, magpapahinga na lang ang kalabang hukbo at sasabihin, "Hayaan na natin silang magpatayan sa isa't isa." Pero kung silang lahat ay magkakaisa, diyan nga maaalerto ang tainga ng kaaway at tatalilis. At kapag ang buong dakilang hukbo ng Diyos ay magkakaisa na sama-sama sa ilalim ng isang bandera, ang pangunguna ng Espiritu Santo, at uusad bilang isang dakilang Iglesya ng buhay na Diyos, hayan nga ang kalaban na tatalilis. Talagang tatalilis siya.

42 At nakita na natin sa Biblia ang ating halimbawa. Kaya kung mapapansin n'yo, matapos na pagpalain ng Diyos ang dakilang lalaki na ito, na si Josaphat, na pinasagana siya at ang lahat ay unti-unting umiinam, isang araw naisipan niya na dumalaw sa kanyang kalapit-bansa, kay Ahab. At habang papunta siya dun para bisitahin si Ahab, naisip niya, "Buweno, makikisama lang ako dun sa dakong 'yun." Ngayon, dun siya nagkamali, doon mismo, dahil ang langis at tubig ay di puwede na maghalo. Tama. Ganun din ang isang mananampalataya na di maaaring makihalo sa di-pananampalataya; alinman 'yan sa dito ka sa panig na ito o dun ka sa kabila. Kailangan mong magpasya ng titindigan, at manatiling naninindigan dun.

43 Kaya hayun siya na nagtungo't nakipagkita kay Ahab, oh, grabe ang pagtanggap sa kanya. Oh grabe, nagpakatay ng baka si Ahab, at mga tupa, at kung ano pa, at mga kordero, at naghanda mismo ng malaking piging at. . .Ngayon, sa ganyan nga nakakapasok ang kaaway. Yan na 'yan mismo ang paraan na nangyari sa inyo na mga kapatid na babae. Sa simula, may babae na papasok, at ang iglesya'y tatapik-tapikin siya sa likod, at ang babae'y—ang babae'y putol ang buhok, at naka-kolorete pa, at mga bagay na gaya nun. Malalaman n'yo na lang, unti-unti na 'yung nakakapasok, at ngayon ang buong iglesya nga'y nasalaula na. Amen. Ganun nga. Ngayon, kayo. . .Huwag po kayong masasaktan. Pero kailangan natin ng isang pag-oopera. Tama.

44 At kapag ang isang lalaki'y humantong sa isang punto na di na siya lalaking maituturing, na ang asawang lalaking ito, ay haya't hahayaan ang babae na gawin ang gusto nito, 'yun nga'y pagpapakita ng kahinaan. Ganoon nga. Ang lalaki dapat ang ulo ng tahanan.

45 Kaya, nakakalungkot na ganyan ngayon ang kalakaran ng buong bansa. At ang Amerika'y hindi na tunay na Amerika; ni hindi na nga ito Cristianong bansa; isang bansa na ng babae. Hayan ang mumunting Jezebel na palakad-lakad sa lansangan na todo ang kolorete, at, kapatid, ang mga kalalakihan nga'y napapaluhod sa kanya. Ganoon nga. Alam ko na nakakasakit

ito, pero ’yan po ang katotohanan. Kailangan natin ng isang pag-oopera.

46 Ngayon, ’yan ang nangyayari sa sanlibutan, sa Hollywod. At hindi lang ’yan sa sanlibutan at Hollywood, maging sa loob ng Pentecostal na simbahan. Hindi na tayo naproprotektahan laban sa mga bagay na ’yan. At ang pastor ay pahina-hina’t hinahayaan lang ang mga tao na gawin ’yan. Kung kayo lang sana’y sumigaw laban sa bagay na ’yan, na ang buong iglesya’y isang malaki’t, nagkakaisang hukbo, o di sana’y pumaram na ang bagay na ’yan matagal na. Pero oh, ang narito sa atin ngayon ay wala nang pinag-iba; sadyang nagagawa nila ang gusto nila: malayang-malaya ang mga kababaihan, sila’y nagsisipagsuot nitong maiikli’t kay papangit na marurumi’t, mahahalay na mga damit, at lalabas sa lansangan.

47 At hayaan n’yong sabihin ko ang isang bagay rito, mga binibini. Sana po’y malugod kayo sa akin, haya’t hindi ako naparito para pulaan kayo; naparito mismo ako para ipaalam na sa ibayo, sa Araw ng Paghatol, ako’y mananagot, yamang nalalaman ko ang mga bagay na ito at di ko naman pinagsabi; kaya kung ako’y nagbababala sa inyo ngayon, ang dugo nga’y wala na sa kamay ko.

48 Alam n’yo ba na sinabi ni Jesus Cristo, “Sinuman ang tumingin sa isang babae na may pagnanasa, ay nakagawa na ng pangangalunya sa kanyang puso kasama ang babae.” Alam n’yo po ba ’yan? Ang Bib-. . . At kung mananamit kayo na may pagka mapang-akit ang istilo, kahit na gaano pang kadisente ang tingin n’yo rito, at lalabas kayo sa lansangan, at may makasalanang titingin sa inyo na magnanasa sa inyo, hayan nga’t sa Harap ng Hukuman kayo’y may sala ng pangangalunya kasama ang lalaking ’yun kapag ang lalaki’y mananagot na roon. Bakit ganoon? Ikaw ang dahilan, ikaw mismo, ang may gawa nun; iprinesenta n’yo ang sarili n’yo sa ganoong paraan, kaya kayo ang may sala. At kayo, kahit na gaano pang kabirhen at kadalisay ang pamumuhay n’yo, kayo’y may sala sa harap ng Diyos sa salang pangangalunya kasama ang makasalanan na ’yun, na parang ganoon na rin sa ginawa n’yo ito. Yan mismo ang sabi ni Jesus. Hindi po ’yan sinagap na gatas, kapatid; ’yan po ang katotohanan. Alambreng tinik-tinik po ito. Pero ’yan mismo ang sinabi ng Salita ng Diyos, ito’y nakakahiwa, at mas matalas pa sa tabak na may dalawang talim.

49 Hindi ko alam kung matutuwa riyan ang inyong pastor o hindi. Pero sinasabi ko nga sa inyo, kapatid kong babae, na sa Harap ng Hukuman ako’y mananagot dito, at kung hindi ko sasabihin ang mga bagay na ito. . . Wala akong pakialam ano man ang sabi-sabihin ng maraming tao na “pagpapalaya sa mga kababaihan,” doktrina ’yan ng diyablo. At wala ’yan sa Biblia. Ganoon nga.

50 Nakita n'yo naman ang nangyari noon sa Roma; nakita n'yo ang nangyari sa Gresya; nakita n'yo ang nangyari noon sa mga lumang kolonya ng Roma matagal na panahon na, doon noon sa iglesyang Cristiano nung sila'y kumilos na parang sanlibutan. Alam n'yo ang kasaysayan, o, dapat ay itinuturo sa inyo 'yan ng pastor n'yo. At nakita n'yo sa bawat kapanahunan kung anong nangyayari sa grupo na 'yan. At nakikita n'yo kung nasaan na ito eksakto ngayon sa Pentecostal na iglesya. Kaya panahon na para ilagay ang guhit, at itayo ang kampamento, at ipangaral ang katotohanan. May mga halimbawa na kayo, katulad ni Josaphat na nagkaroon noon ng mga halimbawa. Kaya ilagay na natin ang guhit, ituwid na natin ang ating mga sarili, at lumakad kung paano ba dapat ang kalalakihan at kababaihan, at ganyan natin ilahad ang mga sarili natin.

51 Ngayon, ang lalaki, hayan nga sa kanyang pananamit, di siya. . .siya nga'y. . .hindi siya sagrado, o, ang katawan ng lalaki'y di tulad sa katawan ng babae; alam natin 'yan. Ngayon, ito'y ukol sa kababaihan talaga. At ang kababaihan ay dapat pinagkakaingat-ingatan.

52 Binabansagan akong namumuhi sa babae. Sinuman na nagsasabi ng ganyan. . .huwag. . .may—may bagay na mali. Hindi po ako ganoon. Heto nga na ako'y—ako'y nalulugod sa mga kababaihan, at gusto kong maging mga anak na babae sila ng Diyos, at kumilos bilang mga anak na babae ng Diyos, kung papaano na ganoon din sa mga kalalakihan. Ganoon dapat ang gawin natin.

53 Kaya hayan nga na nakikita natin ang mga bagay na ito bilang halimbawa, at habang heto ang mga lupon n'yo rito, habang isinasagawa ang malalaking gawain n'yo, kapatid, ano ang nangyayari sa inyo? Binabasa n'yo naman ang parehong Biblia; alam n'yo na itinuturo ng Biblia ang mga bagay na ito. Kaya tayo'y magseryoso na rito. Ipakita natin kung tayo ba'y sa Diyos talaga o laban sa Diyos. Kailan ba tumutugon nang lubos ang Diyos? Noon ba na ang kilos natin ay Cristiano o ngayon? Aba, kung makababangon lang ang pagkilos noon nila John Wesley ay kokondenahin nila ang Pentecostal na henerasyon na ito, kung ikukumpara sa kabanalan nila noong sinaunang panahon.

54 Ngayon, alam n'yo 'yan. Mas kagalang-galang pa si John Wesley sa kanyang itinuturo noon, at sa kanyang makalumang iglesya nang matagal nang panahon, kaysa sa atin na mga Pentecostal. Totoo po 'yan. Tingnan n'yo ang ikinilos nila; sila nga'y nakagawa ng mga bagay na wala tayong kaalam-alam tungkol dun. Buweno, pinangaralan sila ng Diyos at pinagpala sila, dahil lumakad sila nang tuwid sa harap ng Diyos. Ganoon nga. At alam natin na 'yan ay halimbawa.

55 Ngayon, pero nung siya'y nagtungo roon at nakipagbuklod

kay Ahab, doon nga siya naipit sa gulo. Ngayon, si Ahab. . . At sa oras nga na ang sanlibutan ay susubok na makasumpong ng pakikipagbuklod kasama n'yo, alalahanin n'yo, mistula ngang may kuneho na hindi inihahayag sa inyo na naroon sa tumpok ng mga kahoy sa kung saan.

56 Kapag papayag kayo sa munting kabataang lalaki na 'yan na naninigarilyo, na gustong yayain kayo sa labas ng gabi, kabataang babae, kayo na Pentecostal na babae, yayayain kayo ng munting manginginom na 'yan, na ang buhok ay suklay na suklay, matamis magsalita sa bawat buka ng bibig. Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay ngayon; may bagay na nagbabantang mangyari. At sasabihin niya, "Pakakasalan kita, sinta, kung. . . Pagkatapos saka ako—saka ako sasama sa simbahan mo." Nagsisinungaling siya. Kung mahal niya kayo at mahal niya ang Panginoon, gagawin niya 'yun doon pa lang; hindi niya kayo ilalabas sa kung saan. Ganoon nga. At kayo na mga kalalakihan, kayo na mga kabataang lalaki pagdating sa mga mumunting pinturadang Jezebel, ganoon din. Di n'yo dapat gawin 'yan.

57 Grabeng kahiya-hiya sa mga pastor na hindi 'yan sinasabi sa kanilang iglesya. Tayo'y mga tinawag-palabas, ibinukod, na natatanging tao, pinaging banal sa Panginoon ng Israel. Siyanga, po, alam natin ang mga palatandaan; isinulat na ang mga ito *rito*, nang simple't tanaw na tanaw. Pero tayo nga'y nagpapahapay-hapay. May darating lang, magsasabi, "Lahat ng *ito*, *iyon*, at lahat ng *ito*, *iyon*." Nahuhulog tayo agad-agad, bagsak tayo agad-agad. Tunay. Sinabi na ng Biblia na gagawin 'yan ng diyablo sa huling mga araw. At 'yun mismo ang ginawa niya.

58 Ngayon, heto na nga na naghanda si Ahab ng malaking piging at inimbitahan si Josaphat. Ngayon, may motibo nga siya kung bakit niya ginawa 'yan, sabi niya. . . dahil alam niya na siya'y isang dakila't makapangyarihang tao, at kaya sabi niya, "Ngayon, ipagsanib natin ang ating mga hukbo, tapos humayo tayo bilang isang malaking hukbo, at pagkatapos magpunta tayo ng Ramoth-galaad. At—at sa pagpunta natin doon, tatalunin natin ang kalaban, dahil itong *ganito-at-ganoong* lupain ay sa atin naman talaga. Sa atin naman talaga ang Ramoth-galaad. At kung tutuusin pagmamay-ari natin ito, kaya tulungan mo kami na magtungo roon at samsamin ang pagmamay-ari natin." Kita n'yo, kasakiman.

59 At doon nga nakagawa ng pagkakamali si Josaphat. Pero dahil isa siyang espirituwal na lalaki, sabi niya, "Sige, sasama ako sa iyo, pero bago muna, kumonsulta tayo sa Panginoon." Hayan nga ang isang mabuting bagay: manalangin sa lahat ng bagay.

60 At pagkatapos, sabi niya, "Sige, gawin natin 'yan. Ngayon, tamang-tama't may seminaryo ako sa dako rito; nasa akin ang

pinaka magagaling na propeta na mayroon. Oh, sila nga'y pinag-aral para sa sandali na ito. Sila ang pinaka matatalino sa bansa, dahil sinigurado ko talaga 'yun. Ako ang nag-aalaga sa kanila. Ako ang nagsusuporta ng seminaryo nila. At nasa akin ang ilan sa pinaka magagaling, kaya sige't ipatatawag ko ang mga pili na ito na pumunta rito."

61 Kaya kumilos siya't tinipon ang lahat ng magagaling na iskolar at dinala sila roon. At nagtipun-tipon sila roon: apat na raan sila. Tapos sabi niya, "Tayo ba'y. . .?" Nakikinita ko ang hari. At ang lahat, sunod sila sa direksyon ng. . .kung ano ang sabihin ng hari; anuman ang sabihin ng obispo, lahat sila'y 'yun ang gagawin, alam n'yo. Yung pangkalahatang tagapamahala, alam n'yo, anuman ang sabihin niya, lahat sila'y 'yun ang gagawin. Kita n'yo? Nakabulsa pa ang kamay sa balabal, alam n'yo, tapos sabi, "Ngayon, mga ginoo, ako ba'y hahayo sa Ramoth-galaad o ako'y magpapaubaya?"

62 May isang bumubulong-bulong, "Kilala n'yo naman kung sino 'yan, hindi ba? Alam n'yo naman kung saan nanggagaling ang kinakain natin; sige't matitiwalag tayo; mawawalan tayo ng *ganito*, at mawawalan tayo ng suporta. Uh-hum, ngayon kayo nga'y mag-ingat."

"Anong masasabi mo tungkol dun, pastor?"

"Buweno, sasabihin ko sa iyo; naniniwala ako na maigi."

"Oo nga, ako nga rin ay 'yan ang iniisip ko. Ano naman ang masasabi ng superintendent, anong masasabi niya?"

63 "Oh, ipinasa niya 'yung pahayag sa iba; dapat lahat tayo'y mabuti ang sasabihin natin sa hari." Oh, naku. Ang alam natin na sabihin, "Oh, ito ang pinaka dakilang denominasyon na mayroon, at walang katulad ito; walang makagagawa ng ganito kundi ito lang. Kami lang ang may matimbang na masasabi tungkol dito."

Kaya nagsalita sila na nagkakasundo, sabi, "Oh, ang sabi ng Panginoon, 'Humayo kayo; Siya'y kasama n'yo.'"

Sabi ni Ahab, "Kita mo, sige, hahayo tayo."

64 Pero alam n'yo, may kung anong bagay mismo sa isang taong espirituwal, na kapag. . .kahit na gaano pang karami ang magsabi ng "sige," kung 'yun nama'y taliwas sa Salita, ang tao na 'yun ay di maniniwala. Sabi ni Josaphat, "Buweno, ilan ba ang mayroon ka riyan?"

65 Sabi, "Apatnaraan. At lahat sila'y estudyante sa seminaryo; magagaling na lalaki; at nang may pagkakasundo'y binibigyan nila tayo ng pahintulot; oh, magtatagumpay tayo."

Tapos sabi niya, "Pero—pero—pero—pero—pero baka may isa ka pa riyan?"

66 “Buweno, anong dahilan at kailangan mo ng isa pa? Heto na ang apatnaraan, na pinaka magagaling; ano ang magiging kaibhan kung may isa pa, kung may apatnaraan ka na’t ang sinasabi, ‘Sige’? Buweno, bakit kailangan mo pang humanap ng isa pa?”

Sabi niya, “Pero alam mo na, baka may isa ka pa?”

67 Sabi niya, “Oo, mayroon pa nga’t isang munting holy-roller sa dako rito, pero siya . . . ” Buweno, isa itong holy-roller; isa itong itinakwil, alam n’yo, sabi niya. Sabi niya, “Mayroon pa naman akong isa sa dako rito, pero kinamumuhian ko siya.” Oh, siyanga, tunay, tulad ng inaasahan, kumbaga’y lagi nitong naaapakan ang mga kalyo niya. Diretsahan kasi magsalita ang taong ito; nasasaway siya. Sabi niya, “Uunahan na kita bago pa dumating ang taong ito, kinamumuhian ko siya,” sabi niya, “dahil lagi siyang nagsasabi ng masama laban sa akin.” Tunay, ano pa bang magagawa ng lalaking ito? Ang Salita na mismo ang nagsabi ng masama laban sa naturang hari.

68 Kaya papaano ako mananahimik tungkol sa mga babaing Cristianong nagkokolorete? Papaano ako mananahimik tungkol sa kahinaan ng iglesyang Cristiano samantalang laban dun ang Salita? Tunay, ganoon nga; ang Salita’y laban dun. Wala akong pakialam anuman ang sabi-sabihin ng pastor; kapag Salita na mismo ang nagsalita; manatili tayo sa Salita. Apat na raan ang nagpahayag ng nagkakaisang pahintulot, na ayos lang sige’t humayo lang. “Sige, mainam ’yan; ah, wala ka namang masasagasaan; huwag kang maniwala sa taong ’yan, siya’y—siya’y mahina ang pag-iisip.”

69 Pero nakay Micaya ang katotohanan. Yan ang asam natin, ang katotohanan. Kahit na masakit, nakakatuli, o kung sino man ang tapyasin Nito paalis, ang nais natin ay katotohanan. “Makikilala n’yo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo.” Amen. Oh, tunay.

Oh, sabi niya, “Sila . . . Tingnan n’yo kung sinong mayroon sa kanila roon; dinala nila roon ’yung mula sa grupo ng holy-roller ngayon. Sige’t pakinggan n’yo nga siya ngayon.”

70 Pero gusto kong pansinin n’yo, bago siya makarating dun, nagpadala sila ng lupon para makipagkita sa kanya, at sabi, “Ngayon tingnan mo, lahat ng mga kalalakihan mula sa teolohiyang seminaryo ay naroon, at bawat isa sa kanila’y sinabi sa hari na ayos lang na siya’y humayo at gawin ang nais niya. Ngayon, Micaya, huwag kang magsasabi ng anumang salungat sa ipinahayag na nila. Ngayon, ang asam nga niya’y pagkakaisa ngayon. Ang dapat mong sabihin ay ’yung siya rin na sinasabi niya.”

Kung sang-ayon lang sana sa Salita, tama sana; pero ’yun nga’y taliwas sa Salita. Ganoon nga.

71 Gaya ng isang ministro rito di pa katagalan na ang sabi; papunta siya sa . . . ebanghelista, na papunta sa isang simbahan para magdaos ng isang—isang pagtitipon. At umaasa ako na huwag n'yo sanang pakinggan ito na biro lang, dahil hindi po ito lugar para magbiro; ito'y ganap na ikinuwento sa akin bilang katotohanan. At ang kuwento po'y nangyari ito sa isang mainam na denominasyong simbahan.

At kinatagpo siya ng lupon ng mga diyakono sa isang sulok sa tren, at sakay dun, at sabi, "Ikaw ba 'yung ebanghelista?"

Sabi niya, "Ako po." Nagbabasa siya ng Biblia niya, may mga tala na isinusulat habang nag-aaral siya't nananalangin.

Sabi nung lupon, "Ngayon, ipinadala kami, bilang lupon mula sa simbahan, para ipaalam sa iyo ngayon, ang ilan sa mumunting bagay tungkol sa aming simbahan."

72 Sabi niya, "Sige po, gusto kong marinig ang mga 'yan bago ako makarating, para alam ko kung paano ang pakikitungo ko sa iglesya at sa mga tao." Sabi niya, "Gusto kong maging isang pagpapala sa inyo habang nandun ako."

73 Sabi, "Sige, 'yan po ang gusto namin. Ngayon, ang gusto lang naming sabihin sa inyo, ebanghelista, na, huwag kang magsasabi ng anuman tungkol sa karera ng kabayo," sabi, "dahil ang pastor ay nagmamay-ari ng karerahan ng kabayo," tapos sabi ng lupon, "at ang pastor ay tumataya-taya sa mga karera na ito lagi. At ayaw naman namin na masaktan mo ang damdamin ng aming pastor, ayaw namin."

74 Tapos sabi pa, "Kadalasan kasi ang mga ebanghelista para silang nangangalit na bolang apoy," tapos sabi, "alam namin na maayos kang kausap, kaya, o, huwag kang magsabi ng ano man . . . Kadalasan ang iba'y mala-tadyak ang pagsaway sa mga larong Bunco dito sa simbahan." Sabi, "Ngayon, ang Women's Aid Society kasi'y may palaro sila ng Bunco kada Miyerkules ng gabi, pagkatapos ng pagtitipon sa pananalangin, sa ibabang silid. Kaya para sigurado lang, huwag ka ring magsabi ng ano man tungkol dun." At ang lupon ay nagpatuloy pa sa isang buong listahan ng mga bagay-bagay, kung ano ang di maaaring gawin ng ebanghelista, kung ano ang di niya maaaring sabihin.

Sabi ng ebanghelista, "Kung ganoon ano ang puwede kong sabihin?"

Tapos sabi ng lupon, "Puwede kang mangusap tungkol sa mga Judio, dahil may isa lang naman kami nun sa iglesya."

75 Ngayon, may ganyan nang pagi-ebanghelyo sa panahon ngayon sa Pentecostal. Na takot silang magsalita tungkol sa katotohanan. Ganun nga. Wala akong pakialam kung masaktan man ang pastor o kung sino ang masaktan; ito'y Walang Hanggang Salita ng Diyos. At tayo'y responsable rito, sa

pangangaral nito. Kailangan nating sabihin ang katotohanan; di ko alintana gaano man itong kasakit.

76 Pero alam n'yo, maling tao ang nakausap nila nung sila'y nakipag-usap kay Micaya tungkol sa ganun. Oh, grabe, hindi siya tulad ng isa sa mga nakikipag-kompromiso na ang tangkilik ay titingnan muna kung siya ba'y makatatanggap ng mainam na kaloob pinansyal o hindi. Oh, hindi, hindi, hindi. Siya'y isang tao ng Diyos.

77 Aba, nakikinita ko nga, hindi man nabanggit ng Kasulatan, pero marahil sinabi nila, "Ngayon, kung sasabihin mo lang ang siya ring bagay, na sinasabi ng mga propetang ito, na galing sa seminaryo, alam mo ba? Baka gawaran ka nila ng digri mula sa kolehiyo na 'yun. Alam mo, hindi malayong gagawin nila, nang di magtatagal, matapos na matuto ka kung paano magsalita na mas maayos ang pagbabaybay ng pangungusap, alam mo ba? Baka nga gawin ka pa nga nilang isa sa kanila, kung sasabihin mo ang siya ring bagay na sinasabi nila." Oh, siyanga, ganyan na ganyan ang ginagawa nila sa panahon ngayon, din. Tunay, ganyan ang ginagawa.

78 Pero anong sinabi ng munting holy-roller na ito? Sabi niya, "Sasabihin ko lang kung ano ang inilagay ng Diyos sa aking bibig na sabihin." Amen. Ganyan dapat ang uri ng kalalakihan na mayroon kayo.

79 Hindi na nga nakakapagtaka na 'yung Espiritu Santo sa kaibuturan ng puso ni Josaphat, ang sabi, "Pero may isa pa; sasabihin niya sa inyo ang katotohanan; sasabihin niya sa inyo ang katotohanan. Humiling ka ng isa pa, haya't siya'y tunay na magtatapat sa inyo."

80 Kaya ang nangyari, nagtungo na roon si munting Micaya, matapos na manalangin at makakita ng pangitain. At naupo si Josaphat, na 'yung apatnaraan niyang mga mangangaral ay nakapalibot sa kanya, mga Dr., Ph.D., at lahat na ng sari-sari, alam n'yo, na nakapalibot dun, at maging ang pangkalahatang superintendent, at ang—ang obispo, at ang. . .lahat sila, alam n'yo, na nakapalibot dun. Oh, grabeng salo-salo, kumakain ng korderong steak at kung ano pa, nagtatamasa ng mainam na panahon. At lahat sila'y angkop na angkop ang pananamit, na ang mga kulyar ay nakatupi, at ang mahahabang balabal ay sunod sa galaw, alam n'yo, na may "santo padre" pang nakasulat doon, at lahat gaya ng ginagawa nila, alam n'yo, maporma ang pananamit.

81 Pero alam n'yo, hindi dun nalugod ang tao ng Diyos sa kaibuturan ng puso niya. Naisip niya na may bagay na iba dun. Ako rin; maging ako. Naalala ko si Saul noon na pinipilit ipasuot ang kanyang eklesiyastikal na baluti kay David; hindi nga 'yun umubra sa tao ng Diyos; ganoon nga. Hindi 'yun kumakasya sa

kanya, sabi, “Hubarin n’yo ang bagay na ito sa akin, hindi ko pa ito nasusubukan.”

82 Ngayon, ’yan ang kailangan natin ngayon, ang hubarin ang ilan sa mga eklesiyastikal nating baluti at ang isuot ay ang katuwiran ni Jesus Cristo, sikapin at huminto sa pagsasalita ng magagarbo’t matataas na salita na ang lahat naman, hindi nga nauunawaan ng kongregasyon kung ano ang sinasabi nila kung tutuusin. Ganoon nga. Simpleng makaluma’t buhay na buhay na pangangaral ang makaliligtas sa kanila. Katotohanan ’yan. Kahit na gaano pang hindi lapat-lapat ang pagkakabaybay, ito’y—ito’y ang Salita ano’t anuman; mauunawaan nila sa ganoong paraan. Hindi tayo mayayaman at sunod sa uso sa lahat ng malalaki’t enggrandeng mga bagay na ito; makaluma tayo, o dapat nga’y ganoon tayo. Ngayon, di natin kailangan na matuto kung paano gumamit ng magarbong pagbabaybay ng pangungusap o gawin ang lahat ng magagarbong mga salita na ito at mga bagay-bagay, magsalita lamang nang simple.

Pagkatapos nga’y ano ang nangyari? Grabeng panahon. Ang kasunod nga na nakita natin, haya’t ang mga dakilang magagarbo’y nakatayo sa paligid . . .

83 At hayaan n’yong sabihin ko ito pansumandali. Alam n’yo ba kung saan galing ang kagarbuhan? Ang kagarbuhan ay sa diyablo. Ngayon, ito’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON ng Biblia. Ang kagarbuhan at karangyaan ay galing sa diyablo. Doon sa pinaka simula noong si Cain at Abel ay humayo para sumamba, dumulog si Cain sa Panginoon na may kagarbuhan. Si Abel nama’y dumulog sa katuwiran sa pamamagitan ng kapahayagan.

84 Ngayon, pansinin, nung dumulog si Cain, ang dala-dala niya’y mga bunga ng kabukiran, lahat mismo ng tumutubo, mga bulaklak at lahat, at nagpalamuti ng kanyang dambana, at sinamba niya ang Diyos; isang ganap na larawan ng karnal na miyembro ng iglesya ngayon, at ng isang karnal na mag-isip na pastor na ang nais ay isang iglesya na mas mataas kaysa sa lahat sa kanila sa siyudad, at—at ang kanilang mga upuan ay nakukutsunan, at milyong-dolyar ang bakal na organ. Hindi tinitingnan ng Diyos [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang mga daliri—Pat.] ang bagay na *’yan* na mas mahalaga dun. Tama, walang kinalaman . . . Itayo n’yo man ang naggagarbuhan at naglalakihang mga gusali na ’yan at pahihirapan ang mga miyembro n’yo hanggang sa maghirap sila’t lahat na dahil sa kung anu-anong kagamitan na inyong inilalagay sa simbahan, at samantalang libo-libong mga pagano ang namamatay sa dako ng pagmimisyon na di man lang nakakilala kay Cristo. Tama, kahihiyan ’yun sa sangka-Cristianuhan. Oo.

85 Oh, kung makakakita lang kayo kahit isang beses,

malalaman n'yo ang ipinapangusap ko. Nagtatayo ng milyong-dolyar na simbahan, at samantalang dalawang-katlong bahagi ng mundo ang hindi man lang nakapakinig tungkol kay Jesus Cristo; ang saklap.

86 Ngayon, masdan n'yo siya. Hayan nga ang kagarbuhan, at si Cain ay pumaroon na napapahiran ni Satanas at gumawa ng isang magarbo't enggrandeng bagay. Pero ngayon, si Abel, nung siya'y pumaroon, di siya pumaroon na may kagarbuhan, kundi pumaroon siya na may kapahayagan. Ang sabi ng Biblia sa Mga Hebreo 3, "Si Abel sa pamamagitan ng pananampalataya'y nag-alay sa Diyos nang lalong mabuting hain kaysa kay Cain." At ang tanging paraan kung paano niya nagawa 'yun ay dahil sa pananampalataya at pananampalataya sa ano? Sa Salita ng Diyos, dahil 'yun lang ang tanging bagay na makakapanampalataya ka. Inihayag sa kanya ng Diyos na 'yun ay sa dugo. Haya't si Cain ay may nakabibighaning hain, pero hindi tigmak ng dugo. At si Abel nama'y di nakakabighani ang hain, pero tigmak ng dugo, at 'yun ay batay sa Salita. At 'yun ang kinilala ng Diyos, dahil 'yun ay sa Kanyang Salita.

87 At ngayon, ang Diyos ay di nakatingin sa magagarbo't malalaking simbahan, kung paano ba itinatayo. . . ng bantog na mga tagapagtayo nito, kung gaano bang kahuhusay umawit ng—ng koro, o lahat *nito*, o 'yung *iba pa*, o kung ano ang estado ng mga tao, kung sila ba'y mapoporma manamit, o hindi mapoporma manamit, sa loob ng inyong simbahan. Hindi Siya nakatingin sa mga bagay na ito, hindi, milyong milya, na hindi Siya nakatingin.

88 Ang tinitingnan Niya ay kung may isa mismo na dudulog sa pamamaraan ng Dugo, kapahayagan. At si Abel, sa pamamagitan ng pananampalataya, nadinig niya ang Salita ng Diyos, at pinanghawakan ang Diyos sa Kanyang Salita; at dahil sa pananampalataya niya sa Salita ng Diyos, tinanggap siya ng Diyos. Yun lang ang tanging paraan na ang Diyos ay tatanggap sa kung sino man, diyan nga sa panghahawakan ang Diyos sa Kanyang Salita sa pamamagitan ng kapahayagan na tutuparin ng Diyos ang Kanyang Salita.

89 Sinabi ng Diyos na sapat na ang Espiritu Santo sa araw na ito; 'yun na 'yun para sa akin. Kung naglagay ang Diyos ng kapangyarihan sa loob ng iglesya para magpagaling ng mga maysakit at magpalayas ng mga diyablo; at may mga propeta at iba pa, na inilagay sila sa iglesya, at ipinangako ito, na sila'y mananatili hanggang sa katapusan ng mundo; sapat na 'yan sa akin. Wala akong pakialam anuman ang sabihin ng teologo, o kung ano ang gawin-gawin nila na parang uod sa loob ng isang limon, pisain *'yun*, pigain *'yun* palabas, pigain *'yun* palabas; wala ngang magiging epekto. Diyos na mismo ang nagsabi, at 'yun na 'yun. Manatili tayo sa Diyos; manampalataya mismo sa Kanyang Salita.

90 Ngayon, sinabi ng Diyos kay Cain, sabi, "Kung ikaw ay gumawa ng mabuti (Kita n'yo?), ngunit kung hindi, ay nahahandusay ang kasalanan sa pintuan." Tunay. Si Cain ay tipo ng karnal na mananampalataya sa panahon ngayon, na nagtutungo roon at iniisip, "Makikianib ako. . . Tingnan n'yo, alam n'yo 'yung pinakamalaking simbahan dito'y nasa Chicago, kina *Ganito-at-ganoon* at Dr. *Ganito-at-ganoon*. Makikianib ako roon."

91 Pagkatapos babasahin n'yo ang Biblia at makikita n'yo na wala sa mga sinabi ni Jesus ay nagaganap sa loob ng simbahan na 'yun, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila, na mga sumasampalataya," wala ngang paglakip. Sinabi ni Jesus na lalakip at lalakip ang mga bagay na ito sa kanila na mga sumasampalataya, hindi sinabi na siguro, marahil magagawa nila, magagawa nila sa loob lang ng isang panahon. Ang sabi Niya, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya." At ipinangako ito hanggang sa katapusan ng mundo. Sige't ipakita n'yo nga sa akin 'yung pahina at Kasulatan kung saan sinabi Niya na Kanyang binawi 'yun mula sa kanila. Kung ganoon pala'y kinokontra Niya ang Sarili Niyang Salita. Nakita n'yo na kung anong kaguluhan ang papasukin n'yo? "Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila." Yun nga'y isang palatandaan, isang bantayog, isang tanda ng tunay na mga mananampalataya, na Siya'y nasa kalagitnaan nila. Dahil ipinapakita Niya ang Kanyang Sarili at inihahayag ang Kanyang Sarili sa pamamagitan ng mga tandang ito. Amen.

92 Ngayon, ang isipin, na isang iglesya ang itatayo sa ganoon, na ang sanlibutan ay nakakapasok? Aba'y tunay na gigisingin nun ang galit ng isang tunay na lingkod ng Diyos. Tunay, mali kasi 'yun; iwaksi natin ang bagay na 'yun mula rito. Lumayo kayo mula sa sala sa init sala sa lamig, kala-kalahati, na ayos na ang maikling panalangin sa umaga, maikling panalangin sa gabi, at hihiga na sa kama, at babangon kinaumagahan. Hindi nakapagtatakang nagiging makasanlibutan tayo. Hindi nga nakapagtatakang ang sanlibutan ay nakapasok na sa iglesya, dahil di tayo nanatili sa pananalangin. Wala na 'yung pasakit; wala na 'yung pananatili nang matagal sa harap ng Diyos; wala na 'yung paglalim, paglilinis nang husto. Ang kailangan natin ay isang makalumang rebaybal. Itinatanghal lang natin ang pagkakakilanlan natin, "Kami ang Assemblies. Kami ang mga Pentecostal. Kami ang Oneness. Kami ang Trinities. Kami 'yung *ganito*, *ganoon*, o kung *ano pa*. Wala nga kaming kaugnayan sa iba pang grupo."

93 Diyan kayo nililisan ng Espiritu Santo, diyan mismo. Kapag naisadiwa mo na 'yan, kapatid, marapat lamang na bumalik ka sa may altar, dahil diyan ang dako na ikaw ay nabibilang. Tama. Amen. Sa ganoon gumagapang papasok ang pagka makasanlibutan. Iwaglit natin 'yun sa isipan. Ilagay natin ang

ating pagsinta kay Cristo at tumuon kay Cristo at sa Kanya lamang, amen, at magkaroon ng pagbubuklod sa isa't isa, habang nililinisan tayo ng Dugo ni Jesus Cristo mula sa lahat ng kasalanan. Kung darating Siya para tatakan, ngayon, ang bawat isa na walang kapintasan, sino ang tatatakan Niya?

94 Kung iniisip n'yo na ang katabi n'yo ay may pagkakamali, alalahanin n'yo, na ang biyaya ng Diyos ay kasing totoo sa kanya gaya nito sa inyo. Hindi ko nga aasamin na Kanyang tatatakan ako ngayon, kung ako ba'y walang kapintasan o hindi. Hindi ako riyan nananalig; ako'y nananalig sa biyaya ng Panginoong Jesus Cristo na ako'y itawid. Sa biyaya lamang Niya ako nakatitindig. Hindi sa kayang ibigay ng aking mga bisig. Wala akong anumang mabuting nagawa; wala akong anumang nasambit na may halaga.

95 Wala akong mabuting bagay na nagawa kailanman, Panginoon, ako'y buong-buong nakadepende sa Iyo, sa Iyo lamang, at sa Iyo lamang. Tunay, Panginoon, kung iniibig Kita na may tapat na puso, siguradong iibigin Kita, at lalakad, at sisikapin sa higit kong makakaya na di makagawa ng bagay na makakasakit sa Iyo. At kung Ako'y makagawa sa Iyo nang mali, pagsisisihan ko ito agad-agad sa pagkagawa ko pa lang.

96 Mahal ko ang asawa ko, kung may nagawa akong anuman sa kanya na mali, ihihingi ko agad ng tawad, kung nagawa ko 'yun nang di sinasadya. O ihihingi ko 'yun ng kapatawaran, at sasabihin ko sa kanya na pinagsisisihan ko't nagawa ko 'yun, gaya nga ng gagawin ko mismo sa aking Panginoon. At hindi ako gagawa ng anumang makakasakit sa aba't munting asawa ko kahit kailan. At ganoon din na hindi ko maaatim na saktan ang Diyos nang milyong beses na makaulit kaysa sa aking asawa. Kung iniibig n'yo Siya, rerespetuhin n'yo Siya, lalakad kayo nang matuwid.

97 Diyan, pansinin, pero ang bagay na nalihisan natin, ay itong ating teolohiya. Oh, naku. "Kilala n'yo, si Dr. *Ganito-at-ganoon*, primera klase siyang tao. Oh, alam mo bang kaya niyang magsalita sa dalawa o tatlo pa ngang lingguwahe? Nagagawa niya 'yung *ganito*, *ganoon*, at *iba pa*. Alam mo ba? Nagpastor siya sa bantog na *Ganito-at-ganoong* iglesya minsan." Ngayon, kahanga-hanga di po ba? "Oh, dapat marinig n'yo siya kung paano siya bumigkas ng, 'Ah-men.' Napaka ganda."

98 Nabasa ko sa isang artikulo sa pahayagan nung isang araw, mga *ganoong* kahaba, na ang sabi dun may *ganitong* obispo ng *ganitong* iglesya, ang nanalangin ng pinaka kaaya-ayang panalangin na naipanalangin kailanman sa *ganitong* denominasyon. Yun nga ang pinanalanginan niya, isang denominasyon, hindi kay Cristo. Ganoon nga; kalahating pahina ang sakop sa pahayagan para iimprinta ang panalangin

niya dun. Ipinanalangin niya ’yun sa denominasyon, isang kaaya-ayang panalangin. Oh.

99 At nakakapasok na ’yan sa Pentecostal din. “Oh, siyanga, gagawin nating kaaya-aya ang lugar, kaaya-aya ang paggawa sa mga bagay-bagay, at pag-iitsurahing kaaya-aya.” Tunay, nakakahawig na natin ang iba pa sa kanila. Panahon na para yugyugin ang inyong sarili; lumabas na kayo mula riyan. Tama.

100 Paano naman ang Dugo? Huwag kayong gumaya sa hain ni Cain. Panatilihin n’yo ang Dugo sa inyo; di ko alintana gaano mang kapangit, at kahilaw, at kaputol-putol ang lingguwahe, at lahat na roon; panatilihin n’yo ang Dugo. Yun ang kailangan natin. Manatili kayo sa ilalim ng Dugo.

101 Napansin natin, itong kagarbuhan. Oo, binigyan siya ng Diyos ng pagkakataon. Sabi niya, “Ngayon, kung aayusin mo, ang lahat ay titiwasay; tatanggapin ka. Pero kung di ka aayos, haya’t hahandusay ang kasalanan sa may pintuan. Ngayon, nakita mo na tinanggap Ko itong—itong plano rito, at di Ko tinanggap ang iyo. Pero ngayon, kung aayos ka, pumarito ka at makipagbuklod dito. ‘Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya.’ At kung nakikita mo’y tinanggap Ko ang turo’t aral, ang Aking Biblia, tinutupad Ko ang Aking Salita, pinagtitibay Ko Ito sa gitna ng mga tao, ngayon kung ikaw ay aayos, halika rito sa kanila. Tayo’y magbuklod sa isa’t isa.”

102 Pero anong ginawa ni Cain? Kagaya mismo sa ginagawa nila sa panahon ngayon; ang tinahak niyang landas ay ’yung mas nagpalala pa sa kanya lalo. Siyanga. Kapatid, balang araw, huwag kang mag-alala, kung isa kang tunay na Cristiano, kahit ang inyong balat ay maipagbibili. Sadyang. . .Huwag n’yong alalahanin ’yun. At ngayon pa lamang kinamumuhian na kayo sa gitna ng lahat ng mga tao dahil sa Kanyang Pangalan, hinahamak at tinatanggihan. Kita n’yo?

At ang sabi Niya, “Ngayon, kung ikaw ay gagawa ng mabuti. . . ” Pero hindi nga siya gumawa ng mabuti; hayan pa nga na pinatay niya ang kanyang kapatid.

103 Laging kagarbuhan; pero sa kabila ng kagarbuhan ng lahat ng mga mangangaral na ito, at sa harapan man ng dalawang hari, hayan nga, ang sabi ni Micaya, “Nakita ko ang kor-. . .sa isang pangitain, ang Diyos ay nakaupo sa Kanyang luklukan, at ang hukbo ng Langit ay nakatayo sa Kanyang kanan at kaliwa. At sabi nila, ‘Sino ang payayaunin natin sa ibaba at para dayain si Ahab, para ibunsod siya para tuparin ang Salita ng Diyos?’ ”

104 Kung gusto n’yong makakita ng mga pangitain, kung gusto n’yong maituwid, manatili kayo sa Salita. Kumikilos mismo ang Diyos sa Salita; ’yun ang plano. Kita n’yo? Ngayon, si Micaya. . . Pakinggan n’yo, heto po ang sekreto: nanatili si Micaya sa kung ano ang sinabi ng propeta, ng propetang Elias, dahil si Ahab ay nakagawa ng masama, na ang sabi ng propeta,

“Hihimuran ng mga aso ang iyong dugo. . . ” At ’yun ay hatid ng. . . “ . . .kamatayan ng matuwid na si Naboth.”

105 At ganoon nga na ang Salita ng Diyos sa pamamagitan ng propetang ’yun, na Salita ng Diyos, ay dumarating sa propeta, at sila’y nananatili roon. At si Micaya ay di maaaring kumanan o kumaliwa mula roon, dahil napagtibay na mismo ’yun na Salita ng Diyos. Tama. Ang Salita ng Diyos ay naroon sa mga propeta nung mga panahong ’yun. May kautusan Siya, pero Kanyang ibinibigay ang Kanyang Salita sa mga propeta. At si Micaya, bilang isang propeta, isang tunay na propeta. . .

106 Ngayon, tingnan n’yo, hayaan n’yong may ipakita ako sa inyo. Oh, nakikita ko ito. Tingnan n’yo rito; sariwa po ito. May apatnaraang estudyanteng taga-seminaryo ang nag-aangkin na alam nila ang Salita at di naman Yun ginagalang. Pilit nilang isinasantabi Yun dahil sa karangyaan. Pilit nilang isinasantabi ’yun dahil may kinalaman sa hari, na haya’t tumatapik-tapik sa likod.

107 Pero itong munting “holy-roller,” gaya ng tawag ko sa kanya kanina, wala siyang pakialam sa patapik-tapik ng likod, siya’y nanatili sa Salita ng Diyos. At hindi siya makapag-propropesiya ng anuman, o makakapangaral man ng iba, kundi kung ano lamang ang sinabi ng Salita. Amen. Maluwalhati! Manatili kayo sa Salita, hayan nga, kapatid. Susuportahan ng Diyos ang Salita na ’yan sa lahat ng pagkakataon. Wala siyang pakialam anuman ang itinuturo sa mga seminaryo; wala siyang pakialam anuman ang katayuan ng iba pa sa kanila; batid niya na nagdeklara na ang Salita ng Diyos ng sumpa kay Ahab, at walang anumang bagay ang makababago pa nun.

108 Kaya, yamang nasa Salita siya at nakalinya sa Salita, ang Espiritu Santo nga’y luminya sa kanya, o, luminya siya sa Espiritu Santo at nakakita siya ng isang pangitain. Grabe, maluwalhati! Grabe ang pakiramdam ko ngayon, talagang napupuspos ako. Dumako sa Salita, manatili sa Salita. At kung may tunay na mainam, na totoong pangitain na darating, ’yun ay darating na nakaayon sa Salita. Amen. Di ko pa ’yan naiisip noon, bago ito. Salamat sa Panginoon. Manatili sa Salita, kapatid.

109 Si Elias, o, si Micaya ay naroon sa Salita, dahil nagwika na ng kasumpaan ang Salita sa bagay na ’yun. At papaano ngang si Micaya ay makapagsasabi ng anupamang bagay na iba heto’t nananatili siya sa Salita? Kaya sa pananatili niya sa Salita, ipinakita ng Diyos sa kanya na hindi nagbabago ang Salita. Hallelujah! Hayan nga kayo. Umaasa ako na kayo. . . tumimo ito sa inyo gaya ng pagtimo nito sa akin. Pero, hayan nga. Ipapakita sa inyo ng Diyos ang di-pagbabago ng Salita. Sabi, “Sige, magpunta ka kung gusto mo. Ayos lang, humayo ka at gawin mo ang sabi sa iyo ng mga mangangaral na gawin mo,

pero nakita ko ang Israel na nangalat na parang mga tupa na walang pastol." Sabi, "Nakita ko ang Diyos sa Langit; nakita ko ang luklukan, at ang hukbo ng Langit na nakatayo sa kanan at sa kaliwa. Sabi, 'Sino ang payayaunin natin sa ibaba at para dayain si Ahab? Sino ang payayaunin natin sa dako roon para matupad ang propesiya ni Elias?'"

110 Nakita n'yo, si Micaya ay naroon mismo sa Salita. Ang Salita na 'yun ay kailangang matupad. At may mandarayang espiritu ang umahon, nanggaling sa impyerno, nagtungo roon at ang sabi, "Maaari ko 'yang gawin." Sabi, "Alam n'yo ba? Kayang-kaya kong pasukin 'yang seminaryo, dahil wala silang gaanong, paglalaan sa pagtitipon para sa pananalangin, wala na silang pagpapakasakit. Wala nang kung anuman dun, walang Dugo, kaya kayang-kaya kong lumakad dun kailan ko man gusto. Uh-hum, um-hum. Kaya kong angkinin ang bagay na 'yun, ang buong denominasyon na 'yun. Kayang-kaya kong mapasaakin ang buong 'yun; ni hindi nga sila naniniwala sa Dugo. Kaya magagawa kong—magagawa kong angkinin ang buong 'yun."

Sabi ng Diyos, "Sige, gawin mo."

111 Sabi, "Magtutungo ako roon at papasok ako sa mga kalalakihan na 'yun at ibubunsod sila na magpropesiya ng kasinungalingan, lahat sila na mga mangangaral. Bawat isa sa kanila, lahat ng mahuhusay nilang teolohiya, haya't bubulagin ko sila sa Salita. Yun lang ang kailangan kong gawin na mailayo sila sa Salita't hindi nila ito makikita."

Alam n'yo, maraming beses na 'yan ang ginawa ng Diyos. Sabi, "Mayroon silang mga mata at hindi nakakakita; may mga tainga at di naman nakaririnig." Tama po ba? Tunay.

112 Sabi, "Bubulagin ko sila, at di nila ito makikita. Heto nga na bababa ako roon at ibubunsod ko na makasihan sila, at sila'y magpropropesiya ng kasinungalingan. Tapos ang hari'y mapapahayo n'yo na roon."

113 At mangyari nga na isa sa mga mangangaral, oh, para bang 'yung kanyang—kanyang mataas na reputasyon ay tila (Paano ko ba ito sasabihin?), nadungisan sa harap ng mga tao, na siya nga'y lumakad at sinampal ang propeta sa mukha. Sabi niya, "Saan dumaan ang Espiritu ng Diyos na nagmula sa akin?"

114 Ngayon, akala niya'y Espiritu 'yun ng Diyos. Pero 'yung mapandayang espiritu pala 'yun, dahil salungat 'yun sa Salita. Ngayon, kung sinasabi ng mga tao, "Ang mga tanda't mga kababalaghan ay hindi na lumalakip," isa 'yang mapandayang espiritu; taliwas 'yan sa Salita.

115 Kung, "Sinasabi ng Biblia," sasabihin ng mga tao sa inyo, "ang Espiritu Santo sa panahon na ito'y hindi na katulad nung Ito ay naroon sa mga nagdaang araw," mapandayang espiritu 'yan na naroon sa mga bulaang propeta. Kasinungalingan ang sinasabi nila sa inyo. Kung ang espiritu. . .ay magsasabi, "Ang

lahat ng mga kababaihan ay bigyan ng kalayaan, at gawin ang lahat ng mga bagay na ito, at lumabas lang, kumilos na kagaya ng sanlibutan." Mapandayang espiritu 'yan. Hindi 'yan nakalinya sa Salita, ang dapat ay manatili sa Salita. Tama. Manatili mismo roon.

116 Ngayon, haya't alam n'yo ang kinalabasan nung kuwento. Ano 'yun? Dumaan ang mga taon. Pero dumating ang panahon na ang Salita'y kailangan nang matupad. Kapag dumating na mismo ang panahon, huwag kayong mag-alala, nariyan na mismo ang aanihin. Ganoon nga.

117 At mga kapatid, kung mayroong panahon. . . Sige't itong susunod na ilang mga minuto ngayon, gusto kong ipangusap sa inyo, sa inyong puso. Kung mayroon mang panahon, na ang oras ay dumating na para matupad ang Salita, ito na 'yun ngayon. Ito na ang araw. Naipunla na ang mga binhi; panahon na para kunin ang asarol at lumabas dito, at magpunta't putulin ang mga damo at mga bagay na nagsisitubo sa atin: mga matitinik na dawag; at mababahong damo; at lahat na na nagsisitubo sa gitna ng mga tao; mga mapagduda; mga hindi nananampalataya; mga sala sa init sala sa lamig; lahat na. Panahon na para ilabas natin ang asarol at tagain 'yun. At wala ngang mas iinam sa Tabak ng Diyos na dalawa ang talim na tataga roon.

Dumating ang panahon noon sa daigdig bago ang pangmalawakang delubyo para ipakita ng Diyos na ang Salita Niya'y totoo sa mga tao na gugunawin noon ng delubyo. At nirespeto Niya si Noe.

118 Dumating 'yung panahon noon sa Babilonia, kung saan pinagtatawanan nila sa panunuya ang Diyos. Nilibak nila ang mga—mga Hebreong binatilyo. Nilibak nila sila, sinabihan sila na sila'y "mga baduy na makaluma," at lahat. "Dapat moderno na sila." Pero nanatili sila. Nirerespeto ng Diyos ang pananatili na 'yun. At nilibak nila sila, itinapon sa bilangguan, ginawa ang lahat sa kanila. Pero sa huli, dumating ang oras na ang Diyos ay nagsalita. At ipinakita Niya ang kapangyarihan Niya. Nailabas Niya sila mula sa nag-aapoy na hurno. Ipinakita Niya ang kapangyarihan Niya nung dumating na ang oras.

119 Nung si Daniel ay ipatapon noon sa kulungan ng mga leon, dumating ang oras na ang Diyos ay kumilos at nagsalita. At itinikom Niya ang bibig ng leon sa pamamagitan ng pagpapadala sa isang Anghel sa kulungan kasama si Daniel.

120 Si Jesus, bago ang Kalbaryo. . . Dumating ang oras na ang proklamasyon ay lalagdaan na. Dumating ang oras kung saan ang lahi ni Adan ay nasa dulo na ng daan; kailangan nang may gawin. Yun 'yung oras na si Zacarias, habang nakatayo sa may templo, ay nakita ang Anghel ng Diyos, na binalaan siya't sinabi sa kanya kung ano ang mangyayari. Na nalalapit na ang oras. At siya nga'y . . . nagduda sa Salita ng Anghel at kaya pinaging pipi.

121 Dumating ang oras noong si Maria ay kagagaling lang sa balon, nung araw na ’yun, na may banga ng tubig sa kanyang ulo. Dumating ang panahon ng pagdalaw ng Tagapagligtas, at siya. . .na isang birhen ang maglilihi at magsisilang ng isang Anak na lalaki. Naroon at naroon na ang oras na ’yun, kahit na hindi ’yun pinaniniwalaan ng sanlibutan, na ’yun ay labas sa kanilang itinuturo. Pero dumating nga ang oras, at kapag ang oras ay dumating na, "Mangyayari’t mangyayari ’yun." Amen. Kinatagpo ng Anghel Gabriel ang birhen at sinabi sa kanya na siya’y lililiman ng Espiritu Santo at magsisilang ng isang Anak na lalaki, at Siya’y magiging ang Anak ng Diyos. Hindi pa ’yun nangyayari kailanman sa buong mundo, pero dumating na mismo ang oras.

122 Hayan nga na bawat babaing Judio ay naghihintay at nakaantabay sa panahon na ito, inaasam na sana siya ito. Pero dumating ang panahon na ang Diyos ay nagpasya ng Kanyang pagpili. Ang Diyos ang pumipili.

123 Dumating ang panahon na si Juan Bautista’y ipinanganak bilang isang tagapanguna upang tuparin ang Salita ng Diyos. Dahil siya yaong tinig na sumisigaw sa ilang: sa Isaias 40, na may isa, ilang daang taon bago siya dumating. Dumating ang panahon na si Juan ay ipinanganak. At nung dumating ang oras, dumating si Juan sa eksena. Amen.

124 Dumating ang oras pagkatapos ng kamatayan ni Jesus, pagkatapos ng Kalbaryo, dumating ang oras, doon, na Siya’y kinailangang mamatay para sa mga kasalanan ng sanlibutan. At Siya’y namatay batay sa Kasulatan. Mangyari nga na ’yun ang pinaniniwalaan ng lahat, luminya sa Salita, at dumating nga ang oras na kailangan na ’yung matupad.

125 At namatay Siya sa pagitan ng dalawang salarin. Yung mga tao nga’y nagtungo roon, binali ang mga binti nila gamit ang maso. At iniangat na nung Romano ang maso para baliin ang Kanyang binti, pero dumating mismo ang oras na ang Biblia ay kailangang matupad, yamang sinabi Nito, "Wala ni isang buto ang mababali sa Kanyang katawan"; at ang sundalo’y huminto. Ano ’yun? Pinahinto ng Anghel ng Diyos ang kamay nung tao. Dumating kasi ang oras na ang Kasulatan ay kailangang matupad.

126 Inilagay nila Siya sa libingan. Nilagyan nila ng harang ang libingan. Nagpakampo sila ng ilang sundalo, sandaan, sandaan na kalalakihan, na naaarmahan, sa palibot dun para tiyakin na walang mangyayari. Tatlong araw Siyang nakahimlay dun, dumaan ang Biyernes, Sabado, at Linggo. Pero nung Linggo ng umaga, ang pinaka unang Pasko ng Pagkabuhay, kahit na gaano pang karaming sundalo ang naroon, kahit na gaano pang kaguwardiyado, dumating ang panahon para ang Salita ng Diyos ay matupad. "Hindi Ko titiisin ang Aking Banal na Yaon na

makakita ng kabulukan. Ni iiwan Ko ang kaluluwa Niya sa impyerno." Dumating ang oras. Hindi ko alintana anuman ang mangyari-yari, mangyayari't mangyayari 'yun ano't anuman. Dumating ang oras. At may Anghel na dumating mula sa Langit, at ang mga kalalakihan ay nasubasob na parang mga patay na kalalakihan, at bumukas ang libingan, at si Cristo'y lumakad palabas na matagumpay laban sa kamatayan, impyerno, at libingan. Dumating ang oras. Amen.

127 Pagkatapos nun inatasan Niya ang Kanyang mga alagad na humayo sa buong mundo, at ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat nilalang. Sabi Niya, "Bago kayo humayo, di Ko alintana gaano man kayong kaedukado. Di Ko alintana gaano mang katagal kayong lumakad kasama Ko. Bago kayo maging saksi Ko, kailangan n'yong maghintay roon hanggang sa kayo'y masangkapan ng kapangyarihan mula sa Itaas." Ano 'yun? Siya'y nakalinya sa Salita.

Sabi ni Joel, "Sa huling mga araw ay darating, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat na laman; ang inyong mga anak na lalaki't mga anak na babae'y magsisipropesiya."

128 Si Jesus, bago 'yun, ang sabi, "Ang Ebanghelyong ito ay ipangangaral sa lahat hanggang sa kadulu-duluhan ng mundo bilang saksi sa Akin, at magsisimula sa Jerusalem." Lucas 24:49.

129 Pansinin, pagkatapos nung sila'y umakyat na sa silid. May isa sa kanila na nagsabi, "Buweno, gaanong katagal kaya tayo maghihintay rito?"

May isa na nagsabi, "Siguro lalabas na lang ako."

Nauulinigan ko na sinasabi niya, "Hindi Niya sinabi kung gaanong katagal maghihintay, ang sinabi Niya, 'Maghintay hanggang sa kayo'y sangkapan ng kapangyarihan.'"

"Gaanong katagal kaya tayong maghihintay?"

"Hindi 'yun ang tanong; hindi 'yun ang atas, haya't maghintay hanggang sa kayo'y masangkapan."

"Gaanong katagal akong mananalangin? Ilang araw kaya akong maghihintay pa? Mag-uumpisa na kaya ang rebaybal ngayon?"

130 Kapatid, kayo'y maghintay hanggang sa ibuhos ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan. Hindi hanggang sa makahalal tayo ng bagong obispo, hindi hanggang sa makapaglagay tayo ng bagong pastor, bagkus maghintay hanggang sa ang Espiritu Santo'y dumating mula sa Langit, kagaya sa isang humahagibis na malakas na hangin. Hindi nga maghintay hanggang sa tayo ay makapili ng kung sino ang magiging obispo ng grupo na ito. Hindi maghintay at titingnan kung sino ang magiging tagapamahala ng grupong ito. Haya't maghintay ba hanggang sa maorganisa n'yo ang sarili n'yo: hindi, po. Hindi hanggang sa makatalaga kayo ng presbitero ng distrito: hindi, po. Hindi

maghintay hanggang sa may sapat na pinansyal kayo para makapagtayo ng bagong simbahan: hindi, po. Kundi maghintay hanggang sa sangkapanan kayo ng kapangyarihan na galing sa Itaas. Amen.

131 At pagkatapos, noong ang kumpletong Pentecostal na bilang ay matupad, limampung araw, dumating ang oras. Hallelujah! Dumating ang oras na ang propesiya ni Joel ay natupad. Dumating ang oras na ibinuhos ni Jesus ang Kanyang Espiritu. Dumating ang oras na ang Salita'y tinupad.

132 At may inililinya mismo sa Salita para Ito'y matupad. Maluwalhati! Kapatid! At bigla na lang, sila na mga nakalinya sa pagkakalinya sa Salita, na naghihintay sa Pangako, "May dumating na isang ugong mula sa Langit na kagaya sa isang humahagibis na malakas na hangin, at pinuno nun ang buong bahay kung saan sila nakaupo."

133 Sabi ni Isaias, "Utos sa utos; at bilin sa bilin; dito'y kaunti, at doo'y kaunti. Panghawakang maingat ang mabuti. Dahil sa pamamagitan ng nauutal na labi at ibang mga wika ay Ako'y mangungusap sa mga taong ito. At ito ang pagpapanariwa." Amen. Ito ang kapahingahan na darating mula sa Presensya ng Panginoon.

134 Hindi mahalaga kung sila man ay di nakapagsalita mula nung sa Babilonia. Pero heto, na dumating ang panahon na paglalakipin ng Diyos ang mga bansa na sama-sama, at ang mga tao na sama-sama't may iisang puso at nagkakaisa, ano man ang lingguwaheng ito o anuman 'yun. Siya'y nagsalita sa bawat diyalekto sa ilalim ng kalangitan, haya't isang grupo ng mga tao, lahat sila'y taga-Galileo. Dumating ang oras. Amen.

135 Kapatid, dumating ang panahon. Narito na tayo sa huling mga araw. Narito na tayo sa kapanahunang atomika. Dumating na ang panahon na may sandata sila na makakapagpayanig sa mundong ito na kumawala sa pag-inog nito, sa loob ng limang minuto, patungong araw, at magdulot ng lubos na pagkawasak. Wala silang kakayahan na gawin 'yan noon. Pero dumating na ang oras. Amen.

136 Dumating ang oras kung saan may pagtaliwakas. Sinabi ng Biblia, "Maliban na dumating ang pagtaliwakas, ang tao ng kasalanan ay di ihahayag ang kanyang sarili." Nabubuhay ang Pentecostal na iglesya sa panahon na ito ng pagtaliwakas. Dumating na ang oras.

137 Dumating na ang oras na ang mga tanda'y lalakip sa mga mananampalataya. Narito na tayo sa huling panahon. Narito na tayo sa huling ulan. Narito na tayo sa panahon na ang mga tao'y matitigas na ang ulo, palalo, maibigin sa kalayawan kaysa sa maibigin sa Diyos, mga walang paglubag, palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, at di maibigin sa mabuti, matitigas ang ulo, palalo. Dumating ang oras na ang itinuturo nila'y

mga doktrina ng diyablo, binabaluktot ang turo ng Biblia para maging mga teorya at teolohiya para makahatak ng mga grupo ng tao na sumunod sa kanila.

138 Heto, dumating na ang oras na titipunin na ng Diyos ang Kanyang Iglesya na maglakip-lakip malapit na sa ilalim ng isang dakila't malaking bandera, ang Panginoong Jesus Cristo, at ibuhos ang Kanyang mga kapangyarihan sa gitna nila. At pambihirang mga tanda't mga kababalaghan ay mangyayari; dumating na ang oras.

139 Dumating na ang oras na ang Pentecostal na iglesya'y marapat nang magpasya ng titindigan. Dumating na ang panahon para tuliin ang iglesya at sawayin ang kahangalan na ito. Dumating na ang oras para makapanumbalik sa dating palatandaan. Dumating na ang oras para sa pagbuhos. Dumating na ang oras para tipunin ang mga tao. Dumating na ang oras para si Jesus ay darating. Darating na ang panahon at nalalapit na para ibigay ang mga gantimpala.

140 Kapatid, tiyakin mo na ang putong mo ay hindi ipuputong sa ulo ng iba. Dumating na ang oras. Narito na tayo sa huling kapanahunan. Kung mayroon tayong gagawin na anuman, mga kapatid, gawin na natin ngayon. Narito na ang oras. Narito na ang oras na inuuga na ng Diyos ang bawat denominasyon sa ilalim ng araw.

141 May binabasa akong artikulo kung saan may isang bantog na teologo sa iglesyang Baptist ang nagpunta sa isa sa aking mga pagtitipon, at nasaksihan niya ang pagkilos ng Espiritu Santo. Nandun 'yun sa *The Voice Of Healing*. Si Kapatid na Boze, ilalathala niya 'yun uli.

142 Doon nga'y ang sabi niya, "Isang Baptist na manunulat ang nakatagpo ng isang Pentecostal na propeta." At itinapon niya ang lahat ng mga literatura niya. Itinapon niya ang lahat ng teolohiya niya, lumuhod, at nagsabi, "Diyos, kung magagawa Mo 'yun para sa taong ito, Iyong gawin din ito para sa akin." At sumarado ang kanyang panga sa kaluwalhatian at nagsalita sa tatlong iba't ibang lingguwahe, at nagtungo sa entablado't nanalangin para sa mga maysakit at ang Diyos ay nagpamalas ng mga tanda't mga kababalaghan. Amen. Maluwalhati!

143 Dumating ang oras na ang mga hiyas. . .Dumating ang oras na ang prospektor ay naghuhukay na. Ang mga hiyas ay lumalabas na sa bawat denominasyon, pinakikinis na, at pinagkakalooban ng mga kaloob, at inilalagay sa kaayusan. Hallelujah! Narito na ang oras.

144 Narito na mismo ang oras ngayon. Ang bautismo ng Espiritu Santo'y kumikilos na sa siyudad muli. Panahon na para ang mga makasalanan ay magsisi. Panahon na para ang mga tumalikod sa pananampalataya'y tumuwid na sa Diyos. Panahon na para linisin ang iglesya. Panahon na para sa mga tanda na ipinakita

ng Diyos. Bawat isa'y naghintay sa kanilang tanda. Ang mga tanda ng Marcos 16 ay natutupad na, tunay.

145 Si David ay naghintay noon ng tanda. Pinakikinggan niya; naghihintay siya. Hinihintay niya na humudyat 'yun. Tapos bigla na lang na narinig niya ang kaluskos ng palumpong ng morales. Alam niya na ang Diyos ay pumaparoon sa harapan niya. Kapatid, dumating na ang oras na ang Pentecostal na palumpong ng morales ay uugain uli sa pagbubuhos ng Espiritu Santo gaya nung bumuhos Ito noong Araw ng Pentecostes, sa humahagibis na malakas na hangin na 'yun na nanggaling sa Langit. Dumating na ang oras, kung sila nga'y ibubunsod na roon para gawin 'yun. Ito na ang oras. [Isang kapatid na babae ang nagsasalita sa iba't ibang wika, isang kapatid na lalaki ang nagbibigay-salin—Pat.] Amen. Amen. Amen. Amen. "Siya nawa," sabi ng Panginoon. Amen.

146 Ngayon, sa narinig n'yong Salita, narinig n'yo ang Espiritu, ang mga wika, ang salin, na lumilinya nang tuwid sa Salita, ilan sa inyo ang taimtim sa inyong puso na makapagsasabi, "Batid ko na ako'y mali, at mula, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, mula sa araw na ito, ako'y titindig sa kung ano ang tama at kay Cristo"? Maaari ba kayong tumayo? Maari po ba kayong tumayo? Sa pamamagitan nito, sabihin, "Titindig ako ngayon para kay Jesus, ano't anuman. Tumitindig na ako ngayon, nang may pagpipitagan."

Nakatayo ang aking mga pag-asa sa wala nang hihigit pa
Kundi sa katuwiran at Dugo ni Jesus;
Kapag ang lahat na nang nasa aking paligid ay humantong na sa pagkabulid,
Siya ang mananatili kong saligan at pag-asa magpakailanman.

Kay Cristo, sa matatag na Bato, ako'y nakatayo;
Ang lahat na nang iba pang tayo ay buhanging gumuguho,
Ang lahat na nang iba pang tayo ay buhanging gumuguho.

[Isang kapatid na lalaki ang naglalahad ng marubdob na tagubilin—Pat.] Amen. Ano? Lumabas kayo mula sa kanila; ihiwalay n'yo ang sarili n'yo, manatiling nakalinya sa Salita. Ang Diyos ay kasama natin. Ipinapakita ng Diyos ang Kanyang kamay sa kahabagan.

147 Mga kaibigan, sa tingin ko ang kailangan nating gawin, ay isang taimtim, na makalumang paghikbi sa harap ng Diyos, at sasabihin, "Diyos, pinagsisisihan ko ang lahat ng kasamaan ko; at ngayon patawarin Mo po ako at tulungan ako para maging tunay na Cristiano."

148 Maibunsod nawa kami sa wala nang—walang nang ibang paraan, kundi paghapak sa puso ng aming kasamaan, habang ang Diyos ay nasa kalagitnaan namin marahil sa kamakailang pagkakataon sa mahabang panahon, na kung Siya'y nasa kalagitnaan namin ngayon para ibigay sa amin ang oras na ito para makapagsisi, haya't magsisi nawa kami nang buong puso namin, at ibigay sa Diyos ang kaluwalhatian, at magpasya na manghawakang panibago ngayong araw na ito at paglingkuran Siya at lumabas. Kayo na mga kababaihan, linisin n'yo ang mga sarili n'yo. Kayo na mga kalalakihan, maging Cristiano kayo. Kayo na mga mangangaral, magpunta kayo sa inyong mga pulpito't mangaral. Ang Diyos ay nasa piling natin.

149 Kung may nararapat na panahon. . .Noong ako'y nasa Sweden, o, Finland, may hinihila sila roong parang araro at inaararo ang lupa para doon mailagay ang mga binhi. Kung di nila kasi gagawin 'yun, aabutan sila ng pagdating ng niyebe; gugutumin sila sa kasunod na taon.

150 Kapatid na lalaki, kapatid na babae, ang binhi'y inihasik na sa inararong lupa ng Espiritu Santo. Haya't hayaan nating kumapit ito, ngayon, at tumubo.

Si Jesus na taga-Nazaret, oh. . . [Isang kapatid na lalaki ang nagsasalita sa iba't ibang wika, isang kapatid na lalaki ang nagbibigay-salin—Pat.]

151 Amen. Narinig n'yo ang tatlong mensahe? Sinabi ng Biblia, "May tatlong mensahe sa isang pagkakataon." Heto nga ito, at ang panghuli'y para sa mga mangangaral, kita n'yo, 'yung dalawa kanina'y para sa mga miyembro, itong huling ito'y para sa mga mangangaral. Mga kapatid, ang Diyos ay nasa ating kalagitnaan; ang Diyos ay nasa kalagitnaan natin. Tunay na Siya nga. Bigyan natin Siya ng papuri.

152 Oh Jesus, Anak ng Diyos, kalugud-lugod na Cordero, nawa po'y maalaman sa araw na ito, Panginoon, maalaman, Oh Diyos, na ang pagbisita Mo ngayon sa Chicago ay walang katulad noon. Iyo pong iunat ang Iyong kamay ng Iyong banal na Anak, na si Jesus, upang pagalingin ang mga maysakit at mga nagdadalamhati. Magpamalas Ka ng mga tanda't mga kababalaghan, Panginoon, magbunsod ng daan na ang mga tao ay makalakad doon. Iyo pong pagpalain sila, Panginoon. "Lahat na mga tao'y magbigay ng kaluwalhatian, dahil ang Kanyang Dugo'y nakakalinis ng bawat karumihan."

153 Ganoon na lamang ang pasasalamat namin sa Iyo, Panginoon. Ganoon na lamang na kami'y nagsisisi sa aming mga kasalanan. Ganoon na lamang na kami'y nakatingin sa Iyo, na Cordero ng Diyos, at sinasampalatayanan Ka, na Ikaw ang Cordero, Yaong banal, Yaong nag-iisang, tunay na buhay na Diyos. Iginagawad namin sa Iyo ang papuri't kaluwalhatian, at—at nagsisisi, at humihiling sa Iyo, Panginoon, na patawarin

kami. At tulungan kami, Oh Diyos, na maging mga halimbawa, na di lang maglagay ng linyang hangganan, na manatili lamang sa katuwiran, at ipangaral ang Salita sa panahon man, o wala sa panahon, gaya ng Iyong sinabi sa amin na gawin.

154 Iyo pong pagpalain ang mga taong ito, Panginoon. Iyo pong patawarin ang bawat pagkakasala. Iyo pong iwaksi ang lahat ng aming kasamaan, at alisin ang lahat ng karumihan mula sa amin; hugasan kami sa Iyong Dugo. At nawa ang Cordero ng Diyos, oh, ibunsod ang bawat isa sa amin na maging tupa, ngayon; gupitin ang aming balahibo, Panginoon, mula sa aming makalupang mga pribilehiyo ng mga bagay ng sanlibutan. Iyo pong alisin ang lahat ng mga bagay na ito mula sa amin, at ibunsod ang Kalapati ng Diyos na dumapo sa bawat puso ngayon, na ang araw na ito'y maging isa sa pinaka dakilang panahon na nagkaroon ang Chicago. Tunay nga, na dito sa silid na ito, sa hapon na ito, dahil sa pagparito ng Panginoong Jesus Cristo sa Kanyang kapangyarihan.

155 Oh Cristo, tanggapin Mo po ang mga taong ito, ako po'y nananalangin para sa kanila. At ang mga ministro na ito, at pati ako, habang nakatayo kami rito, Panginoon, na sumasaksi, at nalalaman na Ikaw ay nasa kalagitnaan namin, at nalalaman na kami'y tatayo sa Iyong Presensya, balang araw, para magsulit sa aming mga nasabi, maging sa aming mga naisip. At dalangin namin, Ama, na Iyong huhugasan kami at lilinisin kami mula sa lahat ng pagkakasala. At gawin kaming dalisay ang puso at malinis ang diwa, at may isang layunin: ang makita ang mga kaluluwa na ipinapanganak sa Panginoong Jesus Cristo. Iyo pong gawin kami na magkaroon ng kaisipan na makapag-misyon.

156 Oh Diyos, nawa'y humayo kami sa mga lansangan. Oh, nasaan na nga ang tinig sa mga lansangan? Wala nang mga pagtitipon sa lansangan. Wala nang ano pa. At ang mundo'y naging masangsang na lugar tuloy, Panginoon, oh, dahil kami'y nagpabaya. Patawarin Mo po kami, Panginoon. Nawa kami'y makasigaw tulad ng mga propeta ng unang panahon. Oh, tulungan Mo po kami, minamahal na Diyos. Idinadalangin namin na Iyong tanggapin ang aming pagsisisi, at hugasan kami, at linisin kami, at ipagkaloob sa amin ang mga kaloob ng Espiritu. At kumilos Ka sa amin, Oh Panginoon, nang panibago sa araw na ito, at mula sa araw na ito. Idinudulog ko ang panalangin na ito sa Iyo para sa mga tao at para sa aking sarili sa Pangalan ni Jesus Cristo.

157 Ano itong nangyari? Ano ito? Tanungin n'yo ang inyong sarili ng katanungan na 'yan. Yun nga ang siya ring Espiritu Santo Na nakakakilala ng lihim ng bawat puso. Tayo po'y magkamayan sa isa't isa at sabihin, "Kung nasaktan man kita o nagawan ng anuman, patawarin ako ng Diyos."

158 Ito'y para sa inyo, sa akin . . . mula sa akin para sa inyo: Kung ako'y may nagawa laban sa kung sino, patawarin ako ng Diyos. Kung ako'y nagpabaya o nakipag-kompromiso, patawarin ako ng Diyos. Nagnanais ako na maging lingkod ng Panginoon. Ninanais kong mahalin ang bawat isa. At ang pinaka importante sa lahat ng ito, ninanais ko na mahalin ang Panginoon, upang ako'y makatayo bilang isang t- . . . sa pagitan ng mga buhay at patay, para makapag-ministeryo para sa Kanya. Iniibig ko Siya. Umaasa ako na may bagay na dakila na mangyayari ngayon, mula sa kahanga-hangang pagbisita na ito. Sinasampalatayanan ko 'yan nang buong puso ko.

. . . Pupurihin ko Siya,
Pupurihin ang Cordero na pinaslang para sa mga makasalanan;
Lahat na mga tao'y ibigay sa Kanya ang lahat na kaluwalhatian,
Dahil ang Kanyang Dugo'y nakakapaghugas ng bawat karumihan. (Oh, grabe.)

I will praise Him, I will praise Him,
Praise the Lamb for sinner slain;
Give Him glory all ye people,
For His Blood can wash away all stain.

I will praise Him, I will praise Him,
Praise the Lamb for sinner slain;
Give Him glory all ye people,
For His Blood can wash away each stain.

159 Habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo sa pagsambang may pagpapakumbaba, sige Kapatid na Mattsson, isara mo na ang gawain sa pagdulog na panalangin kung mamarapatin mo, o kung may pahayag ka na gusto mong sabihin, habang naghahanda na ako para sa mamayang gabi.

56-1002A Ama, Dumating Na Ang Oras
Philadelphia Church
Chicago, Illinois U.S.A.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org